


# ANG TINIG NG TANDA

 Manatiling nakatayo sa mga ilang sandali lamang sa Presensiya ng Panginoon. Tayo’y bumasa mula sa Kaniyang Salita, sa Exodo, sa ika-4 na kabanata.

*...si Moises ay sumagot at nagsabi, Datapuwa’t, narito, hindi nila paniniwalaan ako, ni didinggin ang aking tinig: sapagka’t kanilang sasabihin, Ang PANGINOON ay hindi napakita sa iyo.*

*At sinabi sa kaniya ng PANGINOON, Ano iyang nasa iyong kamay? . . .kaniyang sinabi, Isang tungkod.*

*At kaniyang sinabi, Ihagis mo sa lupa. At kaniyang inihagis sa lupa, at naging isang ahas; at si Moises ay tumakas sa harap ng ahas.*

*At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Iunat mo ang iyong kamay, at sunggaban mo ang buntot. At kaniyang iniunat ang kaniyang kamay, at kaniyang hinawakan, at naging isang tungkod sa kaniyang kamay:*

*Upang sila’y maniwala na ang Dios ng iyong mga magulang, ang Dios ni Abraham, ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni Jacob, ay napakita sa iyo.*

*At sinabi pa sa kaniya ng PANGINOON, Ipasok mo ang iyong kamay, sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan: at nang kaniyang mailabas, ay narito, ang kaniyang kamay ay may ketong na maputing parang niebe.*

*At kaniyang sinabi, Ipasok mo uli ang iyong kamay sa iyong sinapupunan. At kaniyang ipinasok uli ang kamay niya sa kaniyang sinapupunan; at nang kaniyang ilabas sa kaniyang sinapupunan, ay narito, nagsauling gaya ng kaniyang dating laman.*

*At mangyayari, na kung sila’y hindi maniniwala sa iyo, ni makikinig sa tinig ng unang tanda, ay kanilang paniniwalaan ang tinig ng huling tanda.*

*At mangyayari, na kung sila’y hindi maniniwala sa iyo, sa dalawang tandang ito, ni hindi makikinig sa iyong tinig, ay kukuha ka ng tubig sa ilog, at iyong ibubuhos sa tuyong lupa: at ang tubig na iyong kinuha sa ilog ay magiging dugo sa . . . tuyong lupa.*

<sup>2</sup> Iyukod natin ang ating mga ulo para sa panalangin. Ngayon mayroon man kayong kahilingan, sa gabing ito, na gusto n’yong ipaalam sa Panginoon, itaas lamang ang mga kamay n’yo at sambitin, “Panginoon, alalahanin Mo ako ngayon. Ako ay may pangangailangan.”

<sup>3</sup> Aming Amang Makalangit, kami ay lumalapit sa Iyo muli sa gabing ito, nalalamang sa pagyukod ng aming mga ulo tungo sa lupa kung saan kami nagmula, at, kung magtatagal Ka pa, kami ay babalik muli sa alabok. Nguni't taglay ang mapagpalang pag-asa ng pangakong na kay Cristo, na lahat ng mga nasa Dios ay dadalhin ni Cristo kasama Niya. Aming—aming pinasasalamatan Ka para sa maluwalhating pangakong ito. At dalangin ko, Dios, na aalalahanin Mo ang bawa't isa sa kanila na nagtaas ng kanilang mga kamay, ang akin din, Panginoon.

<sup>4</sup> Ako'y dumadalangin, sa gabing ito, na sa pagsasara nitong oras ng pananampalataya, na pagkakalooban Mo ang mga tao ng lubos na pananampalataya sa gabing ito, na ang Panginoong Jesus ay magiging lubos na totoo sa bawa't isa sa amin, na hindi magkakaroon ng isang mahinang tao sa kalagitnaan namin pagkatapos ng gabing ito. Nawa bawa't makasalanan ay mapagtanto na siya'y nasa Presensiya ng Panginoong Jesus, at kung magkaganoon ay magsisi sa kaniyang kasalanan, at ibigay ang puso niya sa Iyo, at mapuspos ng Espiritu; sa mga huling masasamang panahong ito, habang nakikita namin itong gaya ng isang malaking anino na gumagapang sa sanlibutan.

<sup>5</sup> Kami'y dumadalangin, Dios, para sa Makalangit na pangunguna, sa gabing ito, sa pagsasalita at para sa pakikinig. Nawa ang Espiritu Santo ang manguna sa pagtitipon ngayon at pagputul-putulin ang Tinapay ng Buhay sa bawa't isa sa amin ayon sa aming pangangailangan, sapagka't amin itong hinihiling sa Kaniyang Pangalan. Amen.

Makakaupo na.

<sup>6</sup> Ako'y umaasa na sa gabing ito ay magaganap natin ang sinisikap nating maipakita sa mga tao, ang—ang realidad ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Dios.

<sup>7</sup> Ngayon, bukas ng hapon sa ganap na alas dos y media, lahat nung mga may kard sa pananalangin ay maipanalangin. At pagkatapos para makatiyak na walang malampanan, na walang mga kard sa pananalangin, bawa't gabi nagbibigay kami ng mga ilang kard sa pananalangin. At ipamimigay niya ang mga 'yon muli bukas, mga . . . sa palagay ko, mga ala una y media o parang ganoon, bago lamang mag-umpisa ang pagtitipon. At lahat ng naghahangad na maipanalangin, sino man sa mga mahal n'yo sa buhay, papuntahin sila at kumuha ng kard sa pananalangin. Sila'y tiyak na magiging—magiging malugod na mabibigyan ng kard sa pananalangin. At tayo'y magkakaroon . . .

<sup>8</sup> Ako'y mananalangin para sa mga tao, sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay sa kanila at pananalangin para sa kanila. Ngayon kung ang pananampalataya ninyo ay hindi makaabot sa Presensiya ng Panginoong Jesus at tanggapin Siya bilang tagapagpagaling ninyo, at kayo'y naniniwala na kung

mananalangin kami at magpapatong ng mga kamay sa inyo, na 'yun ay makatutulong, buweno, kami'y tunay na narito para gawin ang anuman na ninanais n'yo.

<sup>9</sup> Ang dahilan na ipinagpapaliban ko ito nang matagal, mahaba, nakikitang ang bawa't isa na magagawa ko, na maabot at mapanghawakan ang Dios sa ganoong mga batayan. At wala tayong gaanong marami. Mayroong . . . Ang gusali ay hindi maluwang, kaya't wala tayong masyadong maraming mga tao. At maaari nating gawin bukas ng hapon at ipanalangin ang lahat ng meron tayo rito, inilalaan ang hapon para sa layuning iyon, para sa pananalangin para sa maysakit.

<sup>10</sup> At kami'y naririto para gawin ang anumang bagay na makakaya namin para makatulong na gawing mas maigi nang kaunti ang buhay para sa inyo, mapagaan ang mga pasanin, sa paglalakbay na ito na tinatahak natin.

<sup>11</sup> At kung sa anumang oras, na maramdaman ng sinuman na—na gusto nilang lumapit sa Panginoong Jesus, kahit ano pa mang bahagi ng gawain ang nagaganap, kayo'y lumapit kaagad. Huwag nang hintayin na magtawag sa altar. Huwag nang hintayin pang ipabatid ang paanyaya. Kayo'y lumapit kaagad, tanggapin si Cristo, at lumapit kaagad at tanggapin Siya doon din mismo. Dahil 'yan ang aming pinakalayunin sa pagparito, ay ang makita ang mga kaluluwang isinisilang sa Kaharian ng Dios.

<sup>12</sup> At ngayon, bukas ay Linggo, at magkakaroon ng Sunday school, sa mga simbahan. Ang dahilan na ginaganap natin ang ating mga gawain sa hapon, kapag Linggo, ay para wala tayong maabalang anumang gawain. Naniniwala tayong bawa't Cristiano'y dapat na magkaroon ng isang—isang sariling simbahan na kanilang dinadaluhan. Bawa't Cristiano'y dapat na magtipon sa isang dako kasama ng mga mananampalataya. At saan man kayo magkatipun-tipon, 'yun ang simbahan.

<sup>13</sup> Ngayon, kung ako'y nakatira rito, ako'y mapapabilang sa isa sa mga iglesyang ito rito, na ang mga pastor na narito, na nakikipagtulungan, ay kanilang ikinakatawan. Bakit? Dahil sila'y naritong nakaupo sa entablado, para makita ng lahat ng tao, na kanilang sinasang-ayunan kung ano ang nagaganap. Sila'y naniniwala sa ganitong uri ng ministeryo, Makalangit na pagpapagaling, ang Bautismo ng Espiritu Santo, at iba pa. Sila'y naririto na nagpapatotoo rito. Sila ang nag-anyaya sa akin na pumarito, upang marahil ang ministeryo na ipinagkaloob ng Panginoon sa akin ay makatutulong sa kanilang kongregasyon.

<sup>14</sup> Ngayon 'yan ang isang tunay na pastor, na naghahanap sa lahat ng espirituwal na tulong na makikita niya, sa lahat ng bagay na ginagawa ng Dios, na kaniyang sinisikap sa abot ng makakaya niya na tulongan ang kaniyang iglesya na patuloy

na sumulong para sa Dios. Ako'y tunay na humahanga sa isang pastor na tulad niyan.

<sup>15</sup> At ang mga lalaking ito ay ginawa 'yan sa kabila ng kahirapan, din. Mapapaniwalaan mo iyan na totoo. Kinailangan nilang gawin ito sa kabila ng kahirapan. At ako—ako'y talagang nagpapasalamat sa ganitong mga dakilang tao ng Dios, na nakahandang gawin ang kanilang gampanin at tungkulin nila sa kanilang mga matibay na paniniwala, at—at maniwala. Lubos silang pagpalain ng Dios!

<sup>16</sup> At tiyak kong makabubuti sila sa inyo. Ngayon, kung kayo'y isang dayuhan dito, alamin kung saan ang mga simbahan ng mga kapatid na kalalakihang ito, kung saan ang mga ito. Dalawin n'yo sila bukas. Sila'y magkakaroon ng mga espesyal na gawain, at may mga ministro rito na mangungusap sa iba't ibang simbahan, at gaya ng naipabatid na. Kaya kayo'y pumaroon sa mga ito bukas.

<sup>17</sup> At pagkatapos bukas ng hapon, kung gusto n'yong pumarito sa huling gawain, tunay kaming magagalak na makasama kayo. Lahat ng mga iglesya, lahat ng mga denominasyon, ito'y para sa lahat. Lahat ay malugod na tinatanggap; Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, church of Christ, church of God, Katoliko, Orthodox Jew, ateista, ano ka man. Kami ay. . . Ika'y inaanyayahan.

“Sabi mo, ‘Ateista?’” Opo, ginoo.

<sup>18</sup> Kung ang isang ateista ay dadalo sa pagtitipon at uupo't kikilos nang wasto, siya'y malugod ding tinatanggap tulad ng iba pa. Tama. Isang bagay, 'yan ang gusto natin para sa kaniya na maparito, na may isang bagay na maaaring magawa na makatutulong sa kaniya para makita ang pagkakamali niya, at lumapit sa Panginoon. Sapagka't tayo. . . Talaga.

<sup>19</sup> Ilan na ba ang nakabasa sa munting pangitain na inilathala ng magasin ng Christian Business Men, at naniniwala akong ilan pang maga- . . . , ng, *Pagtanaw sa Kabila ng Tabing ng Panahon?* Ngayon totoo 'yan, kaibigan. Hindi mo dapat palampasin iyan. Ako—ako'y naging iba nang tao mula noon. Alam kong ito'y totoo, kaya ako—ako—ako lamang ay umaasa na wala sa inyo ang mapalalampas ang dakilang Kalangitan na 'yun na inilaan ng Dios para sa mga mananampalataya. Kung mangyaring ganoon, ano ang nagawa mo rito sa lupa? Dahil, hindi mo alam kung anong oras mo kailangang lisanin ang mundong ito. Nguni't alam mo ang isang bagay, tiyak na kailangan mong lisanin ito. Kaya kung totoo 'yan, kung ganoon hindi ba tayo magiging napakamangmang para sikapin na—na maging sadyang kasing. . . Hindi tayo dapat makipagsapalaran. Kita n'yo, tandaan lang, sampalatayanan ang Salita ng Dios at bawa't pangakong nakapaloob Dito.

20 Isipin na lang, ano ang sanhi ng bawa't karamdaman, bawa't sakit ng ulo, bawa't kamatayan, bawa't problema, bawa't hinagpis, itong munting spastic na bata, lahat ng mga bagay na ito, mga pilay, bulag, bawa't ospital para maitayo? Dahil isang tao ang nagkaroon ng maling paniniwala lang sa isang maliit na bahagi ng Salita. 'Yon si Eba. Pinaganda lamang ito ni Satanas sa kaniya. Hindi sinalita, kundi pinaganda ito sa kaniya, sabi, "Tunay nga . . . Ang Panginoon ay napakabuti."

21 Marami kayong naririnig ngayon tungkol dito na, ang Dios bilang isang mabuting Dios. Siya ay mabuting Dios, nguni't tandaan Siya ay Dios ng kabanalan, isang Dios na hindi mapalalampas ang kasalanan. Ang kaparusahan ay binayaran na, at kailangang tanggapin mo ito sa Kaniyang batayan. At tandaan, Siya ay Dios ng pagkagalit, isang Dios ng matinding poot. At ika'y tatayo sa harapan ng isang galit na Dios, hindi lamang Dios ng kabutihan at kahabagan. Sa gabing ito Siya ang iyong Tagapagligtas; sa Araw na 'yun Siya ang iyong Hukom.

22 Kaya siguraduhin mo na wala kang isa mang bagay na hindi matupad, kaibigan. Ito—hindi ito . . . Wala kang mapapala. Huwag—huwag ka lang basta magbakasakali rito. Tiyakin mo, tiyakin mong mabuti, 'pagkat wala ka nang ibang pagkakataon. Ito ang tangi mong pagkakataon, habang narito ka sa lupa.

23 Alalahanin ang mayamang lalaki at si Lazaro, may malalim na bangin sa pagitan mo at Siya, na wala pang sinumang nakatawid, o makatatawid kailanman. Kita n'yo? Kapag ikaw—kapag ikaw ay namatay, tapos na ito. Alam kong sinasabi ng mga tao na ipananalangin ka nila para maalis sa mga dakong 'yon, pero huwag na huwag mong paniniwalaan ito. 'Yan ay salungat sa Salita ng Dios. Kita n'yo? "Kung saan nakakiling ang puno, doon ito babagsak." At sinabi ni Jesus, Mismo, na, "May isang malalim na bangin, na, kapag ang tao ay namatay at napunta sa impiyerno, siya'y hindi na (kailanman) makaparoroon sa Langit. Walang sinumang nakatawid nito, at walang makatatawid kailanman." Tapos na ito, sa abot ng nalalaman ko. Noong sabihin ni Jesus na iyon na ito, 'yon na lahat ito.

24 Kaya nga tandaan lang, ngayon ang pagkakataon mo, at maaaring ngayong gabi ang huli mong pagkakataon.

25 Maunawaan n'yo kaya kung ano ang nagaganap? Kung makita n'yo lang ito! Ako'y umaasang hindi n'yo iniisip na sa pagsasalita ng ganoon, na sinisikap kong hikayatin kayong tumingin sa isang tao, o paniwalaan ang isang tao. Hindi ko ginagawa 'yan, kaibigan. Sinisikap kong pasampalatayanin kayo sa kung Sino itong tayo'y nasa Presensiya ngayon. Si Jesus Cristo, ang mismong Dios na hahatol sa inyo sa Araw na iyon, ay narito na ipinakilala ang Kaniyang Sarili sa inyong harapan,

ang mismong bagay na Kaniyang ipinangako na gagawin Niya sa mga huling araw na ito.

<sup>26</sup> Sa palagay ko si Kapatid na Price, kaninang umaga sa agahan, ay nagbigay ng napakagandang larawan tungkol sa pagdating sa isang kanto, pagkatapos kailangan na lumiko sa kanto. Nasiyahan ba kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Talagang ganoon nga. Iyon ay talagang, nakaakma nang husto.

<sup>27</sup> Ngayon, kaya nga tandaan, pagkaminsan nasa kanto, nguni't tandaan na kailangan nating lumiko sa mga kanto na ito. Ako'y nangaral na ng ganiyan, minsan, at tinawag ito na, *Mga Nagsangang-Daan*. Tayo'y napupunta sa isang nagsangang-daan, napakadalas, kailangan nating dumaan sa gawing ito at paikot sa iba't ibang daanan.

<sup>28</sup> Ngayon sa gabing ito, sa susunod na ilang minuto, gusto kong talakayin ang paksa na—na: *Ang Tinig Ng Tanda*. At ngayon ang ating tagpo ay nagbubukas, sa gabing ito, sa Aklat ng Exodo, at ang ibig sabihin ng *exodo* ay "papalabas; inilabas." Ngayon sikaping makinig nang maigi hangga't makakaya n'yo.

<sup>29</sup> Gusto kong mangaral sa inyo pagkaminsan, kayo'y talagang napakainam na tagapakinig, pero sadyang wala akong sapat na boses. Kaunting banat lang diyan, at alam ko kung ano ang mangyayari. Kailangan kong magpahinga nang kaunti ngayon, ng mga walo o sampung araw, bago ako mag-umpisa ng susunod na pagtitipon. Kita n'yo, hindi lang itong isang pagtitipon dito. Ito'y pagtitipon, araw-araw, linggo-linggo, buwan-buwan, taon-taon, kita n'yo, at makikini-kinita n'yo.

<sup>30</sup> At isipin lahat ng mga pagkakataon, taon-taon, wala ni isa mang pagkakataon na nagsabi Siya kailanman ng anumang bagay na hindi ganap, na eksaktong katotohanan; sa lahat ng wika, paikot sa buong mundo, nang pitong beses. Kita n'yo? Walang sinuman, wala saan man, ang makapagsasabi kundi ito'y naging ganap, na eksaktong-eksakto, palagi. Kapag sinabi Niyang ang isang partikular na bagay ay magaganap, ito'y naganap nang tumpak na tumpak na ganoon. Sinasabi ito ng mga ilang linggo at mga buwan, at mga taon, man, bago ito mangyari, at ito'y laging tumpak na tumpak. Hindi ni minsan nabigo, at di kailanman, 'pagkat iyon ang Dios. Ngayon, maaari akong magkamali, bilang tao. Huwag na huwag n'yo akong titingnan bilang huwaran, dahil ako—ako'y katulad lamang n'yo, isa lamang makasalanan na iniligtas sa pamamagitan ng biyaya. Nguni't iyon ang Dios, ang supernatural, kita n'yo, ipinakilala ang Kaniyang Sarili. Hindi Niya kailangang gawin iyon, nguni't Kaniyang ipinangako na gagawin Niya iyon.

<sup>31</sup> Si Jesus ay nagpagaling upang matupad ang Salita. Kaniyang ginawa ang mga bagay na iyon upang matupad ang Salita ng Dios.

<sup>32</sup> Iyan ang dahilan na ginagawa Niya ito para sa araw na ito, para matupad ang Salita, na inuulit ko sa inyo, gabi-gabi.

<sup>33</sup> Ngayon pansinin kung ganoon kapag ang Kaniyang Presensiya ay malapit, Ito, tunay na nagdadala Ito ng emosyon. Tulad ng ipinangusap ko kaninang umaga, “Anumang bagay na walang emosyon ay patay.” At anumang relihiyon na walang emosyon dito, mas mabuting ibaon mo na iyan, patay ’yan. Ito’y nagdadala ng emosyon. Kaniya tayong binubuhay. Subali’t kapag tayo’y binuhay, alalahanin natin kung Ano ang bumuhay sa atin. Ano ang gumawa nito? Ito’y ang Presensiya ng Espiritu Santo, si Jesus Cristo sa kalagitnaan natin, ipinapakita ang Kaniyang Sarili na Siya’y buhay. Hindi isang katawang-laman; sa oras na ’yun, na ang katawang laman na ’yun ay bumalik sa Langit, ang oras ay matatapos na. Iyon na lahat ito. At alam natin na tayo’y nasa, nabubuhay sa mga huling araw, kung kailan ang mga bagay na ito ay magaganap.

Ngayon, ang Dios ay nagkaroon na ng mga pagtawag-palabas noon pa. Mayroong . . .

<sup>34</sup> Lahat ay naglalakbay sa tatlo, sa Dios. Ang Dios ay nagiging sakdal sa tatlo. Unang pagparito ni Cristo, para *tubusin* ang Kaniyang Nobya; pangalawang pagparito ni Cristo, para *tanggapin* ang Kaniyang Nobya; pangatlong pagparito ni Cristo, *kasama* ang Kaniyang Nobya, para maghari sa Milenyum. Lahat ay nagaganap sa tatlo.

<sup>35</sup> Ngayon, nagkaroon na, magkakaroon, ng tatlong paglabas. Isa sa mga ito, dinala sila ng Dios *papasok* sa daong, bilang paglabas, pagsakay sa ibabaw ng sanlibutan. Ang sunod na pagkakataon, dinala sila ng Dios *palabas* ng—ng Egipto. At ang sumunod na pagkakataon, dadalhin sila ng Dios *pataas*. Papasok, palabas, pataas! Ang susunod na paglabas ay pataas. Tayo’y nahaharap ngayon sa isa, ang panahon ng pagtungo pataas.

<sup>36</sup> Ganoon din ang nangyayari sa buhay. Tayo’y *pumapasok* sa buhay, tayo’y *lumalabas* sa buhay, *bumabangon* tungo sa buhay, sadyang eksaktong ganoon din. Kaya nga tayo’y . . .

<sup>37</sup> Ang tagpo natin ay nagbubukas ngayong gabi sa paglabas, at napipintong ilabas ng Dios ang Kaniyang bayan.

<sup>38</sup> Ang Israel ay isang bansa. Hindi nakikipag-ugnay ang Dios sa Israel bilang mga indibiduwal. Ang Israel ay isang bansa, ang pakikipag-ugnay lagi sa kanila. At sa mga huling araw, pagkaraan ng—ng pag-alis ng iglesya, pagkatapos ililigtas ng Dios ang Israel bilang isang bansa. Nasa sariling-lupain na ito ngayon, nakahanda para dito. At sila’y maliligtas, sinabi ng Biblia, “Isang bansa ang isisilang sa isang araw.” Hindi nakikitungo ang Dios sa mga Hudyo bilang isang indibiduwal. Siya’y nakikitungo sa kanila bilang isang bansa, Israel, lagi na, dahil ito’y Kaniyang bayan.

39 At dito napipinto na Niyang ilabas ang Kaniyang bansa mula sa isang bansa, sa isang paglabas, ilabas ang Kaniyang bayan mula sa isang paghatol.

40 At ang mismong tubig na lumunod sa mundo, ay iniligtas si Noe. Kita n'yo? At ang mismong Espiritu Santo, na tinatanggihan ng mga tao sa araw na ito, ang tatanggap sa Iglesya at dadalhin Ito pataas, at magdadala ng paghatol sa hindi pagsampalataya Rito. Sinabi nga ni Jesus.

41 Nang tawagin nila Siyang, "Beelzebub," sa iba pang salita, "Siya ay isang manghuhula." Kanila . . .

42 Sabi Niya, "Patatawarin Ko kayo riyan," ang Anak ng tao. Ang paghahandog ay hindi pa nagawa. "Nguni't pagparito ng Banal na Espiritu upang gawin ang ganoon ding bagay, isang salita laban Dito ay hindi ipatatawad sa sanlibutang ito ni sa sanlibutang darating." Ito'y kailangang matakwil, at pagkatapos darating ang paghatol pagkatapos nun. Kita n'yo, ang problema ay ating . . .

43 Naalala ko tuloy ang minsa'y isang kuwentong nabasa ko, tungkol sa isang magdaragat na dumarating galing sa dagat, at isang—isang batang makatang Ingles ay patungo sa dagat. At ang makata nga ay marami nang naisulat tungkol sa dagat, pero hindi pa niya ito nakita kailanman, kaya tinutunton niya ang daan patungo roon. At sabi ng matandang magdaragat sa kaniya, na nakasubo ang kaniyang pipa sa bibig niya, sabi, "Saan ka patungo, mabuti kong ginoo?"

44 Sabi niya, "Ako'y tutungo roon sa dagat." Sabi niya, "Hindi ko pa kailanman ito nakita. Sumulat ako patungkol dito, at kung ano ang sinabi ng iba, pero," sabi, "oh, lubos akong nasasabik na malaman na ako'y papalapit sa dagat." Sabi niya, "Oh, ang maamoy ang napakaalat na tubig nito! Ang makita ang malaki nitong, mga puting gorang sumasambulat sa taas nito, at ang mga asul na langit na sinasalamin ang sarili nito, at marinig ang mga ibong-dagat habang sila'y lumilipad sa itaas, oh, ako'y nasasabik sa pag-iisip na makikita ko ito!"

45 Sabi ng matandang magdaragat, "Isinilang ako rito, animnapung taon na ang nakaraan, wala akong makitang anumang kagandahan dito." Kita n'yo, masyado na siyang maraming nakita rito hanggang sa ito'y naging pangkaraniwan na sa kaniya.

46 Ngayon 'yan ang nangyayari sa iglesyang Pentecostal ngayon. Marami na itong nakitang ukol sa Dios, hanggang sa ang Dios ay naging karaniwan na sa kanila. Huwag na huwag n'yong hahayaang mangyari ang ganito!

47 Dito di pa katagalan, sa Louisville, Kentucky. Kung saan ako nagmula, sa Jeffersonville, Indiana, ito'y sa kabilang ibayo ng ilog mula rito. Isang ginang ang naglalakad patungo sa isang tindahan ng mga mumurahing bilihin. At siya (noon) ay may



karga-kargang isang munting batang lalaki sa kaniyang bisig, at nagtutungo siya sa mga despatso at nag-iisterika. Siya'y dadampot ng isang bagay, ipakikita sa munting bata; ito'y uupo lang at tititig. At pupunta siya sa iba pang despatso, at dadampot ng isang bagay na ipakikita sa munting bata; ito lang ay tititig. At pagkaraan ng ilang sandali, siya'y dumampot ng isang maliit na kampana at sinimulang patunugin iyon, at ang munting bata'y tumitig lang. At nagsimula siyang sumigaw, at itinaas ang mga kamay niya. At ang mga tao sa tindahan ng mumurahing mga bilihin ay pinagmamasdan siya, kaya't lumapit sila sa kaniya para alamin kung ano ang problema.

<sup>48</sup> Sabi niya, "Ako'y . . . Ang maliit kong anak na lalaki," sabi, "siya ay tatlong taong gulang lamang." At sabi, "Ako . . . Bigla na lang, mga isang taon na ang nakaraan, siya'y kukuha at uupo lang at titingin sa kawalan." At sabi, "Aking—aking dinala siya sa doktor," at sabi, "at ang doktor ay nagpayo ng mga paggamot at bagay-bagay." At sabi, "At sinabi sa akin ng doktor, ngayong araw na ito, na sa palagay niya bumuti na siya. Pero," sabi, "wala siyang pinag-iba sa dati." Sabi, "Niyugyog ko na lahat sa harap niya, na makakatawag-pansin dapat sa isang munting batang lalaki sa kaniyang gulang, pansin. Lahat ng makakatawag-pansin sa isang maliit na bata sa kaniyang gulang, niyugyog ko na iyon sa harap niya, at siya'y nakaupo lang at nakatitig sa kawalan." Sabi, "Wala siyang pinagbago sa dati."

<sup>49</sup> 'Yan ay para bang ang iglesyang Pentecostal. Niyugyog na ng Dios ang bawa't kaloob, sa Biblia, sa harap nila, at nananatili pa rin sila sa pagkakaupo at nakatitig sa kawalan, para bang ito'y isang bagay na mali. Panahon na para tayo'y magising, mga kaibigan, bago pa mahuli ang lahat. Tandaan, hindi niyuyugyog ng Dios ang mga kaloob na iyon maliban na sinisikap Niyang matawag ang iyong pansin.

Inilalabas ng Dios ang isang bansa mula sa isang bansa.

<sup>50</sup> Katulad ng ginagawa Niya ngayon, ilalabas ang isang Nobya mula sa isang iglesya, iiwan ang labi ng binhi ng babae. Ang Hinirang ay ilalabas mula sa iglesya. Ang iglesyang natural ay mananatili rito sa kapighatian. Ang *hinirang* kung minsan ay tinatawag na "ang pinili, hinirang, ang labi."

<sup>51</sup> Masdan natin kung paano Niya ito ginawa noon, dahil sa hindi Niya kailanman binabago ang pamamaraan Niya sa paggawa ng mga bagay. Ang Dios ay may isang pamamaraan sa paggawa ng mga bagay, at ganoong paraan Niya ito ginagawa, at 'yan ang tamang paraan, lagi. Tingnan kung paano Niya ginawa ito, at ang pamamaraang ginamit Niya sa paggawa nito, at kung ganoon masisilayan natin ito ngayon.

<sup>52</sup> Ako ay tipolohista, totoo. Wala akong edukasyon. Kailangan kong tumingin sa nakaraan at tingnan kung ano nga ang ginawa Niya. At tinuruan tayo na, "Ang Lumang Tipan ay anino ng

mga bagay na darating.” Kaya kung tumingin ako rito at hindi pa kailanman nakita ang kamay ko, at nakita ko ang anino ng kamay ko, at ako’y may limang daliri, magkakaroon ako ng magandang ideya na kapag ang kamay ko ay nakarating doon, meron akong limang daliri. Kaya ang nangyari sa kanila ay mga halimbawa kung paano ginagawa ng Dios ang mga bagay, ang paraan Niya sa paggawa rito ngayon.

<sup>53</sup> At ang pamamaraan Niya sa paggawa rito, hindi Siya kailanman nag-iiba mula roon. Lagi, sa Biblia, hindi Niya kailanman binabago ang Kaniyang pamamaraan ng paggawa ng mga bagay. Patuloy na ganoon pa rin, dahil ang una Niyang pamamaraan sa paggawa nito ay ang sakdal na paraan. Sapagka’t, hindi na Siya maaaring magkakaroon pa ng ibang paraan, dahil sa Siya’y sakdal, at, Siya, lahat ng pamamaraan Niya ay sakdal. Masdan kung paano Niya ito ginawa.

<sup>54</sup> Si Moises ay tinawag at itinalaga na gawin ang tungkuling ito na kaniya nga, kaniyang—kaniyang ginampanan. Ang Dios . . .

<sup>55</sup> Ngayon, sa palagay ko, kung ipagpapaumanhin n’yo ito . . . hindi ko sinasabi itong padalus-dalos. Sinasabi ko lang, sa entabladong ito, ako—wala akong alam at walang gustong malaman kundi ang Dios. Ngayon, sa tingin ko diyan ay kung saan ang ating mga kapatid na Latter Rain ay naguluhan, kita n’yo, sila’y nagpapatong ng mga kamay sa isa’t isa at ginagawa silang mga propeta at iba pa. Ngayon, ’yan ay hindi batay sa Kasulatan. “Ang mga kaloob at pagtawag ay hindi nagbabago.” Ikaw ay ipinanganak kung ano ka man. Ikaw ay, simula’t sapul, kung ano ka.

<sup>56</sup> Tingnan silang mga Fariseo sa mga panahong nagdaan na. Sila’y may kaunting liwanag, dahil kaya nilang . . . taglay ang kautusan, at sila’y nabubuhay sa pamamagitan ng kautusan, nguni’t doon sa kaibuturan ng kanilang puso ay napakaitim.

<sup>57</sup> At may isang munting babae, isang patutot, ang kaniyang nakatiklop . . . dating—buhay *rito* ay napakadilim, siya’y marumi, nguni’t doon sa kaniyang puso ay itinalaga siya sa Buhay.

<sup>58</sup> At pagkatapos noong si Jesus, ang Salita, ay dumating sa tagpo, ang mga Fariseong ’yun ay nagsabi, “Ang Lalaking ito ay Beelzebub.” Ano’ng ginawa nito? Pinadilim nito ang kaunting liwanag na meron sila.

<sup>59</sup> Sabi ni Jesus, “Kayo ay sa inyong ama, ang diablo, at ang kaniyang mga gawa ay inyong ginagawa.”

<sup>60</sup> Nguni’t nang itong munting, maruming babae ay dumating, at nakita niya ang Salita ng Dios, nakilala niya Ito. Hindi niya Ito ipinamuhay, pero nakilala niya Ito. At pagdakang Ito ay nakipag-usap sa kaniya, sabi niya, “Napaghahalata kong Ika’y isang Propeta.” At Kaniya . . . Sabi niya, “Alam kong gagawin ng Mesiyas ang ganito.”

At sinabi Niya, “Ako nga Siya.”

<sup>61</sup> Anong ginawa nito? Nilinis nito ang kadiliman at pinaputi lahat ito. Bakit? May binhi na nakahimlay roon, isang itinalagang binhi na nasa . . . Iyon ay kaisipan ng Dios bago pa maitatag ang sanlibutan.

<sup>62</sup> May iisang anyo lamang ng Buhay na Walang-hanggan. Kung meron kang Walang-hanggan Buhay, kung ganoon ikaw mismo ay nasa kaisipan ng Dios bago pa lalangin ang sanlibutan. Isa kang katangian ng Kaniyang kaisipan, ‘pagkat ang Walang-hanggan ay hindi kailanman nagpasimula o hindi kailanman magtatapos. Bahagi ka ng kayamanan ng Dios, lagi na. Ito’y ipinakilala lamang. Ito’y nabubuo na ngayon. May isa pa silang larawang bubuuin, ‘yon ay kamatayan, kung magkaganoon ang negatibo ay magiging positibo, pagkatapos nasa Nobya ka na at kasama ni Cristo, gaya ng inisip Niya. Tulad sa mag-asawa, sa araw na ito, kaya (ang Dios) si Cristo at ang Iglesya ay magiging ganoon din. Ngayon, ang hinirang, tinawag!

Si Moises ay isinilang, “isang magandang bata.” Sinabi ‘yon ng Biblia.

<sup>63</sup> Isa sa mga propeta, si Jeremias. Sinabi ng Dios, “Bago ka pa inanyuan sa sinapupunan ng iyong ina, itinalaga kitang propeta sa bansa.”

<sup>64</sup> Si Juan Bautista, aba, siya ay ipinakilala sa Kasulatan. Si Isaias, pitong daan at labindalawang taon bago siya dumating, sabi, “Siya ay ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, ‘Handa ninyo ang daan ng Panginoon!’” At mga apat na raang taon bago ang Kaniyang pagpapakita, muli nakita natin, sinabi ni Malakias, “Narito Aking susuguin ang Aking sugo sa harap Ko, upang ihanda ang daan ng Panginoon.”

<sup>65</sup> Kita n’yo, siya’y una nang itinalaga. At ganoon din ang lahat ng mga ministryong iyon ng Dios, kung sila’y tinawag ng Dios.

<sup>66</sup> Kung sila’y inaralan dito, ito’y walang kuwenta, kita n’yo, hindi ito maaaring maging anupaman. Kung ito’y para may makain, kung ganoon ipinagbibili mo ang karapatan ng pagkapanganay mo para may makain, makikipagkompromiso ka na mapabilang sa isang organisasyon o kung anong grupo. Subali’t kung ito’y sa Dios, ika’y tatayo alinsunod sa Salitang ‘yon, maging ano pa man, dahil ikaw ay ipinanganak para tumayo alinsunod Dito.

<sup>67</sup> Si Moises, wala nang iba pang maipapalit sa kaniyang lugar. Wala nang iba pang makagagawa ng gampanin. Siya ay itinalaga na gawin ito.

<sup>68</sup> At, mga kapatid, kapatid na babae, kung may taglay kang Buhay na Walang-hanggan, ikaw ay itinalaga na gampanan ang isang partikular na bagay. Marahil isang mabuting maybahay, marahil iba pa, pero walang maipapalit sa lugar mo. Iginawa

ka ng Dios ng isang dako. Huwag mong subukang kunin ang lugar ng iba. 'Yan ay karnal na mga panggagaya, kita n'yo, nagpapakitang may isang bagay na mali sa 'yo. Ikaw ay maging kung sino ka, sadyang eksakto. Huwag kang maging iba pa.

<sup>69</sup> Ngayon, ngayon nalaman natin na binigyan ng Dios si Moises ng mga tanda para patunayan ang mga pahayag at pagkatawag.

<sup>70</sup> At bawa't tunay na tanda, bawa't tunay na tanda, na ipinadala mula sa Dios, ang...ay may tinig sa likuran nito. Ngayon huwag kayong mabibigo. Ito ang huli kong aralin patungkol dito, kita n'yo. Bawa't tunay na tanda...Ngayon meron tayong mga tanda na hindi nagmula sa Dios; halos kayang gayahin ni Satanas ang kahit ano. Nguni't ang isang tunay na tanda, ipinadala mula sa Dios, ay may tinig ng Dios sa likod nito.

<sup>71</sup> Sinabi ng Dios kay Moises, "Kung hindi nila paniniwalaan ang tinig ng unang tanda, kung ganoon gawin mo itong isa pang tanda sa harap nila. At pagkatapos kung hindi nila diringgin 'yan, kumuha ka lang ng tubig at ibuhos ito sa lupa." At 'yun ay isang tanda na sila ay mababasa roon ng kanilang sariling dugo.

<sup>72</sup> Pansinin, at katulad din naman ng sinabi Niya, "Ipagpag ninyo ang alabok na nasa inyong paa. Higit na mapagpapaumanhinan ang Sodoma at Gomorra, sa araw na iyon, kaysa sa bayang yaon na tumanggi sa inyo."

<sup>73</sup> Ngayon hindi tayo naglalaro sa Iglesya. Ito ay Iglesya. Si Cristo ang Iglesya. Tayo ay na kay Cristo. Ang likhang Katawan ni Cristo, ipinanganak tayo Rito. Hindi mo maaaring aniban Ito.

<sup>74</sup> Akin nang nakasama ang pamilyang Branham sa loob ng halos limampu't limang taon, at hindi nila kailanman ako hinikayat na umanib sa pamilya. Ako'y ipinanganak na Branham.

<sup>75</sup> At ganoon ka rin naman na naging Cristiano. Ika'y ipinanganak na isang Cristiano, hindi umanib dito. Ikaw ay ipinanganak dito. Lahat ay natatakot sa kapanganakang ito. Meron silang isang mainam na malinis na paraan sa pag-abot sa nangangailangan, o paglagda sa isang munting kard, o isang lagayan ng asin na may ilang tubig dito. Hindi 'yan ang kapanganakan. Ang isang kapanganakan ay isang nakakatakot na bagay. Ang isang kapanganakan ay isang—isang katakut-takot na bagay. Wala akong pakialam kung ito'y sa isang kulungan ng baboy, o isang—o isang kulungan sa kamalig, o sa isang napapalamutian ng kulay rosas na silid ng ospital; ang kapanganakan ay magulo, at ito'y lumilikha ng kaguluhan sa iyo. Hindi mo gustong sumuko, ayaw mo *ito*, *iyon*, o ang *iba pa*, subali't ang mga luha ang huhugas sa pinta ng mukha mo at gagawin kang iba nang nilalang. Kung ipinanganak kang muli, ito'y lilikha ng kaguluhan sa iyo, nguni't ikaw ay lalabas na isang bagong nilalang. Kita n'yo? Ayaw nila 'yan. Gusto nila ng isang madaling paraan, alam n'yo na, at walang madaling

paraan. Gaya ng awit, sabi niya, “Pipiliin ko ang landas kasama ng kakaunting nang dahil sa Panginoon ay kinamuhian.” Hindi niya gustong maging isang tanim na kailangan pang kalingain.

Bawa't tunay na tanda ng Dios ay sinusundan ng tinig ng Dios.

<sup>76</sup> Ngayon kung ang isang tao ay nagbigay ng tanda sa isang bansa, o anumang oras, at 'yung tinig na ipinangusap niya sa likod niyan ay hindi ang Salita ng Dios, kung ganoon matyagan ito, huwag paniwalaan ito. Kung ang isang matandang paaralan, kung ang isang tao ay tatayo at magsasabi, magpapakita ng tanda mula sa Dios, at pagkatapos ang katuruan nung tao ay ang siya ring dating teolohiya na meron ka noon pa, hindi kailanman ipinadala ng Dios ang tandang 'yun. Tumingin ka pabalik sa Kasulatan at tingnan kung ito nga. Saliksikin ang Kasulatan. Ang tao na 'yun ay bumalik, at nagsabi, “Ngayon gusto nating lahat na mapabilang *dito*. Ito'y matagal nang natatag na samahan.” Huwag n'yong paniwalaan 'yan. Tayo'y tutungo riyon, sa ilang minuto na lamang, kita n'yo. Hindi, huwag n'yong paniwalaan 'yan.

<sup>77</sup> Laging pinatotohanan ng Dios ang Kaniyang mga tanda. Ang tandang galing sa Dios ay laging ipinangungusap ang tinig ng Dios.

<sup>78</sup> At kung ito'y ang dati nang paaralan na pinanggalingan mo, bakit pa Siya magbibigay ng tanda, naroon ka na? Kaniyang sinisikap na dalhin ka sa sulok na 'yon. Tanda sa paghinto! Magdahan-dahan! Tingnan mo kung saan ka papunta! Ihuhulog mo ang sarili mo sa sulok kung hindi ka mag-iingat. May biglang kurbada, at laging may tanda doon bago ka lumiko sa kurbadang ito, para hindi ka mabangga. Ang isang magaling na tagapaggawa ng daan ay nagbibigay ng mga tanda. At tinatahak natin ang isang daan patungo sa Kaluwalhatian. At kung ang sinasabi ng tanda ay 'yung dati ring bagay, ito'y hindi mula sa Dios.

<sup>79</sup> Ang Dios ay nagbibigay ng mga tanda para tawaging-pansin ang Kaniyang bayan. Ang mga tanda ay upang kunin ang pansin ng bayan ng Dios, ang tanda ng Dios nga ay ganoon. Ang mga tanda ng Dios ay ibinibigay para kunin ang pansin ng bayan ng Dios.

<sup>80</sup> Ngayon dito ang nagniningas na palumpong ang tanda para kunin ang pansin ng propeta, sinisikap, dahil sa ang propeta ay lumayo sa Dios, at ibinigay ng Dios ang nagniningas na palumpong bilang isang tanda. At nakita niya itong kakaibang tanda; sabi niya, “Ako'y liliko ngayon upang tingnan kung ano itong kakaibang tanda, na ang isang—isang palumpong ay nagniningas at hindi natutupok.” Ngayon tinatawag ng Dios ang pansin ng Kaniyang tumakas na propeta. Maaari Siyang kumuha

ng iba pa, nguni't itinalaga Niya si Moises para sa tungkuling iyon at wala nang iba pa ang makahahalili sa kaniyang lugar.

<sup>81</sup> Sa paglalakbay, may iba pang tao ang nagpilit na gawin ito, alam n'yo na. Si Daton ay tumindig at gustong gumawa ng isang organisasyon mula rito. Sinabi ng Dios kay Moises, "Humiwalay ka. Lalamunin Ko na lamang sila." Kita n'yo?

<sup>82</sup> Ang Dios ay nakikipag-ugnay sa isang indibiduwal. Kita n'yo? Ngayon pansinin ito, Kaniyang sinusubukang kunin ang atensiyon ng propeta, upang mailagay ang propeta sa tama niyang kalagyan, kita n'yo, at Kaniyang ibinigay ang tanda ng nagniningas na palumpong.

<sup>83</sup> At, masdan, ang tinig na sumunod sa tanda ay tinig na ayon sa Kasulatan. "Aking narinig ang mga daing ng Aking bayan, at ang kanilang mga hinagpis dahil sa mga tagapagpaatag, at naalala Ko ang Aking pangako." Amen. Iyan ay sapat na. "Naalala Ko ang Aking pangako." Iyon ay tinig na ayon sa Kasulatan. "At Aking isinusugo ka. Ako'y bumaba upang iligtas sila, at Aking isinusugo ka."

<sup>84</sup> Tandaan, hindi gumagawa ang Dios na lampas sa tao. Alam n'yo 'yon? Iyan ay nagiging katitisan sa mga tao. Kita n'yo?

<sup>85</sup> Iyon ang nagiging katitisan sa kanila tungkol kay Jesus. Sabi nila, "Ikaw ay Tao, nagpapakunwari Kang Dios." Siya ay Dios, nguni't hindi nila ito maunawaan. "Buweno, Ikaw, bilang isang Tao lamang."

<sup>86</sup> Sabi Niya, "Buweno, tinatawag ninyo ang mga propeta, 'mga dios,' at kinikilala ito ng inyong kautusan. At kung inyong tinatawag silang 'mga dios,' na dinadatnan ng Salita ng Dios, paano n'yo Ako hahatulan kapag sinasabi Kong Ako'y Anak ng Dios?"

<sup>87</sup> Kita n'yo, mga tanda, para kumuha ng pansin. At, tandaan, kung ang pansin ay nakuha, ito'y ang dati nang kasabihan, ito'y hindi ang Dios.

<sup>88</sup> Nguni't sinisikap ng Dios na kunin ang pansin ng propeta ngayon, at binibigyan Niya siya ng isang tanda, at ang tinig na sumusunod sa tanda ay isang tinig na sang-ayon sa Kasulatan. "Nakita Ko ang bayan. Narinig Ko ang kanilang mga pagdaing. Naalala Ko ang Aking pangako."

<sup>89</sup> Ngayon ang Dios ay mangungusap sa pamamagitan ng Kaniyang ipinangakong Salita. Kailangan Niyang suguin ang Kaniyang propeta, sapagka't ang Salita ay dumarating sa propeta. Sinabi ng Biblia, sinabi ng Dios, Siya Mismo, na, "Siya ay walang anumang gagawin hanggang sa Kaniya muna itong maihayag sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta." Kita n'yo? At pagkatapos ibibigay ang tanda. At ang Kasulatan ay ipinakilala, 'yon ang Tinig ng tanda.

90 Nakita n'yo ang Tinig ng tanda, ni Moises? Una, ang tanda ay ang nagniningas na palumpong; ang Tinig ay ang Kasulatan.

91 Ginamit 'yon ni Moises bilang Kaniyang tanda, at nagtungo sa Egipto at isinagawa ang tanda na sinabi ng Dios sa kaniya; at ang tanda ay may tinig na kasama, at naniwala ang bayan at sila'y nagsilabas. At hangga't sila'y sumusulong, nasa mabuti silang kalagayan; nguni't nang sila ay magsimulang magbulung-bulungan laban sa tinig, sa oras na iyon sila ay huminto.

92 Alalahanin, naglakbay ang Israel. Alam n'yo ba kung gaano na kalayo ang naabot nila? Sila dapat ay . . . Sila'y apatnapung milya lang, at mga apatnapung taong ginawa ito. Bakit? Ay dahil sa sila ay nagpasimulang magbulung-bulungan laban sa tinig na lumikha ng tanda. Hindi lang nila alam, noong naghihiyawan sila doon sa pampang, at nagsasayawan sa Espiritu, at si Moises ay umaawit sa Espiritu, ilang araw na lang ang layo nila. Subali't sila'y nag-umpisang magreklamo, at gustong gumawa ng isang bagay na naiiba; at nanatili sila ng apatnapung taon sa ilang, at namatay rito, tama 'yan, dahil hindi sila naniwala. Sinabi ng Dios, "Sila'y hindi nag-uusap-usap laban sa iyo, Moises. Sila'y nag-uusap-usap laban sa Akin." Iyon ang tinig ng Dios, hindi kay Moises.

93 Ngayon masdan, si Jehova ay mangungusap sa pamamagitan ng Kaniyang ipinangakong Salita, kaya kailangan Niyang isugo ang Kaniyang mga propeta. Iyon, kung gusto n'yong makita iyon, 'yon ay nasa Genesis 15:16. Nakita nating sinabi ng Dios kay Abraham, "Ang iyong binhi ay maglalakbay sa ibang bayang ito, at Aking ilalabas sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay. Ang katampalasanan ng mga Amorrheo ay hindi pa nalulubos." Lahat ng Kaniyang pangako na ibinigay Niya, dito'y Kaniyang tinatawag ang pansin ng propeta, sa isang nagniningas na palumpong.

94 Ngayon kung ang sinabi sana ng nagniningas na palumpong, "Moises, ang Dios ay Dios."

"Oo, pinaniniwalaan ko 'yan."

95 "Oh, mainam ang ginagawa mo, Moises, ipagpatuloy mo 'yan. Iyong napangasawa ang isang mabuting babae; siya ay isang magandang bata. Tunay na meron kang mabuting anak na lalaki! Luwalhati sa Dios!" Iyan ang dati pa ring katuruan. Kita n'yo?

96 Nguni't Siya ay nahahandang gumawa ng isang bagay, kaya kinailangan Niyang tawagin ang pansin ng taong 'yun. At Kaniyang pinagkalooan ang taong 'yun ng dalawang tanda para gawin, at sabi, "Bawa't tanda ay may tinig." Pinatutunayan niyan na ganoon nga 'yun. Ngayon tingnan kung ano ang sinabi ng mga tinig na iyon, maging ng sangnilikha. Si Jehova ay nahahanda nang mangusap ngayon.

<sup>97</sup> Muli, ang pagdating ng isang propeta ay isang tanda. Alam ba n'yo 'yan? Ang pagdating ng isang propeta, sa kapanahunan, ay isang tanda.

<sup>98</sup> Ngayon, hindi isang Doktor ng Dibinidad ang ibig kong tukuyin. Hindi isang tapat na pastor ang ibig kong tukuyin, isang mabuting tao. Sila ay mainam. Sila'y mga lingkod ng Dios.

<sup>99</sup> Nguni't ang isang propeta ay isang tanda. Sinabi rito ng Biblia na ganoon nga. At tungkol saan ang tanda? Isa itong tanda na ang Kaniyang Salita ay napipintong matupad, magkaroon ng katuparan sa pamamagitan ng tinig nitong tanda ng propetang ito.

<sup>100</sup> Pansinin, ang pagdating ng isang propeta ay isang babalang tanda ng paghatol na paparating. Alam n'yo ba 'yan? Ang paghatol ay napipintong maganap kung may isang propeta sa lupain.

<sup>101</sup> Tandaan, siya'y tiyak, munang, kailangang pinagtibay ng Dios at ng Salita para sa araw na iyon, at pagkatapos ginagawa niya ang tanda. At pagkatapos matyagan ang tanda na 'yun, kung ano ang kaniyang prediksyon. Kaniyang sinabi, "Kung ito ay natupad, kung gayon dinggin ninyo siya." Mga Bilang 12:6. "Kung hindi ito natupad, kalimutan n'yo ito." Kailangan na ito ay isang tandang sang-ayon sa Kasulatan na Kaniyang ibinibigay.

<sup>102</sup> At kung ano ang ibinibigay Niya bilang isang tanda, sa isang pagkakataon, kung Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ganoon pa rin ang Kaniyang tuluy-tuloy na ibinibigay. "Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta." Sila ang Salita. At noong dumating si Jesus, Siya ay ang Salita. At kinilala ng Salita ang mga kaisipan at haka ng puso, nang paulit-ulit, patuloy at patuloy. Ngayon masdan.

<sup>103</sup> Ang pagdating ng propetang ito, ay nagbibigay ng tanda, ng, "ang paghatol ay paparating," palagi.

<sup>104</sup> Huminto lamang tayo ng mga ilang minuto. Hindi ako magtatagal. Tingnan lamang natin ang ilan ngayon, nang mga sampung minuto. At ang nalalabi sa mensahe, pala, sa loob ng sampung minuto.

<sup>105</sup> Si Noe, isang propeta sa lupain—sa lupain, isang tanda ng paparating na paghatol. Si Moises, isang propeta sa lupain, ang tanda ng paparating na paghatol. Si Elias, propeta ng lupain, tanda ng paparating na paghatol. Si Juan, isang propeta sa lupain, isang tanda ng paparating na paghatol sa Israel; sila'y ganap na inihiwalay.

<sup>106</sup> Pansinin, tanda! Ano'ng ginagawa ng tanda? Ang tanda ay upang kunin ang pansin, at ihanda ang hinirang, at maalis sa daan bago tumama ang kahalulan. Ganoon ang ginawa ni Noe, inihanda ang hinirang. Ang iba pa sa kanila, at



ano ang ginagawa nito? Ang tanda, at ang tinig ng tanda, hinahatulan ang di-mananampalataya at inihahanda siya sa paghatol. Inihahanda nito ang hinirang para sa pagtakas. Iyon ang tanda. Iyon ang dahilan na ibinibigay ang mga tanda, para sa nalalapit na paghatol. Sa mga hinirang, nakikita nila ito.

<sup>107</sup> Tulad nung munting babaeng may dalisay na puso, at isang narumihang katawan; at ang Fariseong may dalisay na katawan, at isang maruming puso. Hinatulan nito ang isa, at iniligtas ang isa pa.

<sup>108</sup> Ang mismong mga kahatulan na nagligtas kay Moises, ay hinatulan ang sanlibutan; ang kaniyang pangangaral.

<sup>109</sup> Inihahanda nito ang hinirang. Para saan na nahahanda ang hinirang? Kapag nakita nila ang isang isinugong tanda ng Dios, binabalikan nila ang Kasulatan at sinasaliksik kung 'yun ay dapat na naroon. "Siyanga, heto nga iyon." Ano ito? Napipintong kahatulan. Kung ganoon ang hinirang ay makikinig sa tinig.

<sup>110</sup> Nguni't ang hindi hinirang ay nagwawalang-bahala, at sabi, "Walang kabuluhan. Magpatuloy ka! Pipiliin namin ang dati pa ring katuruan." Kita n'yo? Ganoon ang ginawa nila noong mga araw ni Luther. Ganoon ang ginawa nila noong panahon ni Wesley. Ganoon ang kanilang—kanilang ginagawa ngayon, ang pamamaraan nilang ginawa noon pa man.

<sup>111</sup> Nguni't ito ay isang tanda, at may isa itong tinig na sumusunod sa tanda. At ang tinig ay napagkikilala bilang isang tinig na ayon sa Kasulatan. Ngayon huwag n'yong kalilimutan iyan. Ngayon lagi n'yong isaisip iyan, dahil maaaring hindi ko na kayo makita pang muli.

<sup>112</sup> Sana meron akong paraan na makapunta rito kung saan at tipunin ang lahat ng mga kapatid kong kalalakihan, kapag wala silang mga idinadaos na rebaybal, magtayo ng isang tolda at maupo lamang, araw-araw, at ituro ito hanggang—hanggang sa ito'y talagang bumaon. Nguni't hindi Niya ipahihintulot 'yun, sa palagay ko'y hindi. Kita n'yo, tayo'y napakalapit sa katapusan. Naniniwala akong tayo ngayon mismo ay nasa pagtatapos.

<sup>113</sup> Sa aklat ko roon, na pinagsusulatan kong lagi. Noong 1933, isang umaga, naghahandang magtungo sa Sunday school, isang Baptist na Sunday school kung saan ako nagpapastor, dumating ang Espiritu Santo at ipinakita sa akin hanggang sa katapusang panahon, at ipinakita sa akin ang pitong mga bagay na magaganap. Minarkahan ko ang mga iyon. Ito'y nasa isang lumang dilaw na papel.

<sup>114</sup> Sinabi sa akin nang eksakto kung paano itatayo ng Alemanya ang Siegfried Line na iyon, at kung paanong ang mga Amerikano ay mapahihirapan nang husto husto rito, labing-isang taon bago pa na ang—ang hanay ay maitayo.

115 Sinabi kung paano na si Mussolini ay lilitaw, at kung paanong siya'y tutungo sa Ethiopia, at kung paanong ang Ethiopia ay “babagsak sa kaniyang paanan.” At siya'y mamamatay nang kahiya-hiya, patiwarik, at ang kaniyang sariling mga kababayan ay duduraan siya.

116 At sinabi ko, “May tatlong ismo; Komunismo, Fasismo, at Nasismo. Ang mga ito'y mauwi sa Rusya, sa Komunismo.” At pababagsakin nito ang Katolisismo. Tingnan n'yo kung hindi ito mangyari!

117 Sinabi ko, “Uunlad nang husto!” Sabi ko, “Nakikita ko ang mga awto na mukhang isang itlog, tumatakbo sa kalsada. May mga kotse na tumatakbo sa mga highway, na may isang uri ng kontrol, hindi nila kailangang gabayan pa ito. Nakita ko ang isang pamilyang Amerikano na naglalaro ng dama sa likod ng isang kotse.” Meron na sila nung kotse ngayon mismo, kung meron lang silang mga highway na mapaglalagyan nito. Ang maliit na Volkswagen ay isang perpektong itlog, tugmang-tugma lamang, at ito'y lahat pa ng ibang kotse. Makikini-kinita ba n'yo, noong 1933, kung ano ang itsura ng mga kotse, sa mga ngayon?

118 At pagkatapos inihula muli Nito, 'yung, pagpapahintulot sa mga kababaihan na bumoto, at kung ano ang gagawin nila. At kung paanong ang bansang ito, bilang isang tipo, katulad ng Israel, dumating sa isang lupain at pinaalis ang mga tumatahan doon, at minana ang lupain. At ang mga unang hari na nagkaroon sila, sina David at Solomon, ay mga haring may takot sa Dios. Pagkaraan ng ilang panahon, nagkaroon sila ng isang Achab sa tagpo. Inihalal nila siya. Ang pamamahala'y naging. . . ang simbahan ay naging makasanlibutan. At, tayo'y nagkaroon ng isang Lincoln at isang Washington, tingnan kung ano ito sa araw na ito. Tingnan kung saan tayo patungo ngayon. Nasaan ang susunod na bagay? Tayo'y nasa huling panahon.

119 At ito'y isang tanda, sa natural, tamang-tama lang. Inihahanda nito ang hinirang; at ibinibigay, sa paghatol, ang di-mananampalataya.

120 “Kung ang propetang ito ay isang tunay na propeta, at ang sinasabi niya ay natutupad,” sinabi ng Biblia, sa Mga Bilang 12:6, “dinggin ninyo ang kaniyang babala, sapagka't ito'y pinagtibay na hindi ito 'yung tao.” Ang isang—isang propeta ay tao. Nguni't ang tinig na mula sa supernatural na tanda ay isang tinig na ayon sa Kasulatan, ito'y pinagtibay, kung ganoon ito'y isang babala.

121 Ang Biblia ay isinulat ng mga propeta, tandaan. Sa Ikalawang Pedro, rin, 1:21. Sa Mga Hebreo 1:1, ganoon din.

122 Ang Haliging Apoy, kay Moises, ay ang tanda, ang tinig ay mangungusap. Ipinakita ng Haliging Apoy na ang tinig ay mangungusap. Iyon ay isang tanda, isang Haliging Apoy.

Kayong mga tao siguro'y natatandaan iyon mula sa Houston, hindi pa kalaunan.

<sup>123</sup> Si Moises, isang propeta, tanda sa Israel, na ang pangako ay nahahanda nang matupad. Nang bumaba si Moises at ginawa ang tanda ng isang propeta, alam nila kaagad na titipunin niya sila.

<sup>124</sup> Lubos na nasa perpektong kaayusan ang Salita ng Dios, bawa't pagkakataon ay ganoon pa rin. Maging kagaya ng sinabi ko kagabi, kung paanong ang Urim Tummim, at lahat, sa tuwina'y naging katugunan ng Dios.

<sup>125</sup> Kunin natin ang isang propeta muli, panandali lang, si Jonas. Naisulat ko ang unang kabanata ng Jonas dito, unang kabanata rito ng kaniyang propesiya. Ang paglabas ni Jonas mula sa tiyan ng balyena, ay isang tanda. Kita n'yo, ang mga tao ay pagano. Kanilang sinasamba ang mga dios ng dagat, at ang kanilang dios ng dagat ay isang balyena.

<sup>126</sup> Ngayon maraming tao ang pilit tinutuligsa si Jonas. Ako'y lagi nang nanindigan para kay Jonas. Hindi nawala si Jonas sa kalooban ng Panginoon. "Ang lakad ng matuwid ay itinatag ng Panginoon." Gusto nating sabihin, "Siya ay isang Jonas." Subali't kunin lamang natin ito sa kaniyang. . .kung ano ang halaga nito, minsan lang. Alam kong siya dapat ay tutungo ng Ninive, nguni't pinalulan siya ng Dios sa barkong patungo ng Tarsis. At pinarating Niya ang unos sa dagat.

<sup>127</sup> Sinabi ni Jonas, "Talian n'yo ang mga kamay ko at paa. Ako ang may problema, ang siyang dahilan nito." At inihagis siya palabas. At isang isda ang lumalangoy sa tubig, isang dambuhalang isda na lumulon kay Jonas. Alam kong mahirap paniwalaan 'yan ng siyensiya.

<sup>128</sup> Dito nga hindi pa katagalan, sa Louisville, Kentucky, mga sampung taon na ang nagdaan, meron silang isang—isang balyenang nakalagay sa isang—isang bagon. At may isang kung anong munting Ricky doon, na hindi kayang kontrolin ang katalinuhan niya. Pinipilit niyang ipakita na ang Biblia ay nagsasabi ng kasinungalingan. Sabi niya, "Alam n'yo, naririnig n'yo 'yung matandang kasabihan ng Biblia, na nilulon ng balyena si Jonas." Sabi niya, "Tingnan n'yo, hindi ka makapaglalagay ng isang bola sa lalamunan niya, ito'y masyadong maliit. Paanong makapapasok ang isang lalaking husto sa gulang sa kaniyang tiyan?" Sabi, "Nakita n'yo, isang matandang kasabihan lang ito, na ang Biblia ay puno ng mga ganito."

<sup>129</sup> Sobra na 'yun sa aking—aking pag-iisip. Sabi ko, "Ginoo, gusto kong magsabi ng isang bagay riyang."

Sabi, "Anong sasabihin mo?"

<sup>130</sup> Sabi ko, “Alam mo, hindi mo nabasa ang Biblia nang tama.” Sabi ko, “Sinabi ng Biblia na ito’y isang espesyal na balyena. ‘Inihanda ng Dios ang isang malaking isda.’ Espesyal ang pagkalikha nito, para lulunin siya sa pamamagitan nito, na hinayaang gawin ’yun sa kaniya! Hindi ito isang pangkaraniwang isda. Ang Dios ay gagawa ng isang di-pangkaraniwang gawa, kaya gumamit Siya ng isang di-pangkaraniwang isda.” Kita n’yo? Wala na siyang sinabing anumaman tungkol dito pagkatapos. Kaya nga, ito, ang Dios ay gumamit ng isang espesyal na bagay.

<sup>131</sup> Kagaya ng isang munting batang babae, minsan, paparating mula sa tabernakulo; ang munting buhok niya ay nakasuklay palikod, at makintab, hanggang sa ang munting mukha niya ay maging parang tinalupang sibuyas. Hawak niya ang isang Biblia, nagdaraan.

<sup>132</sup> Itong matandang lalaking nagngangalang Jim Dorsey ay nakatira sa Utica. Siya ay isang ateista, isang matandang sundalo, at—at hindi siya naniniwala sa Dios. At sabi niya, “Saan ka pupunta, munting binibini?”

Sabi niya, “Ako’y pauwi na po, ginoo.”

Sabi, “Ano ’yang tangan-tangan mo sa braso?”

Sabi niya, “Isa po itong Biblia.”

Sabi, “Hindi mo ’yan pinaniniwalaan, di ba?” At ang lalaki . . .

Sabi, “Opo, pinaniniwalaan ko ito, ginoo.”

<sup>133</sup> At sabi, “Pinaniniwalaan mo ba ’yung kuwento rian tungkol sa balyena na nilulon si Jonas?”

Sabi, “Aba, siyempre po, pinaniniwalaan ko ang bawa’t Salita nito.”

<sup>134</sup> Sabi niya, “Paano mo pa mapatutunayan ito sa ibang paraan maliban sa pananampalataya, kung ano ’yang tinatawag n’yong pananampalataya?”

“Aba,” sabi niya, “kapag nakarating po ako sa Langit, tatanungin ko si Jonas.” Kita n’yo?

Sabi niya, “Kung ganoon paano kung wala siya roon?”

<sup>135</sup> Sabi niya, “Kung ganoon ikaw na po ang magtanong sa kaniya.” Kaya naisip ko na ’yun ay isang napakagandang pangtuwid. Kaya sa palagay ko’y tama na nga ’yun.

<sup>136</sup> Kung sinabi ng Biblia na si Jonas ay nilulon ang balyena, paniniwalaan ko ito. Magagawa Niyang ihanda ito. Kung ano ang sinabi ng Dios, kayang isagawa ng Dios, at lagi Niyang tinutupad ang Kaniyang Salita. Kaya nga, si Jonas, ginagawa natin siyang katatawanan . . .

<sup>137</sup> Nguni’t napansin na ba ninyo ang isang isda kapag lumalangoy ito? Naghahanap ito ng pagkain niya. At pagkatapos

kapag ito'y kumakain, bumababa ito doon sa ilalim at ipinapahinga ang mumunting palikpik nito sa ilalim. Pakainin n'yo ang goldfish ninyo at panoorin kung ano'ng mangyayari. Mapupuno ang kanilang maliit na tiyan, pagkatapos sila'y bababa at ilalaylay ang kanilang mga palikpik doon sa ilalim, at hihimlay doon at magpapahapay.

<sup>138</sup> Buweno, itong malaking inihandang isda ay dumating at nilulon ang propetang ito. At siya ay bumaba sa ilalim ng dagat, at marahil apatnapung tig-anim na talampakan ang lalim roon. Siya ay nagpakababa-baba pa, upang ipahinga ang kaniyang sarili sa ilalim ng dagat.

<sup>139</sup> Ngayon lagi nating iniisip ang tungkol kay Jonas. At lahat ay nagsasabi, "Ngayon ako'y ipinanalangin na, pero ang kamay ko ay walang ipinag-iba sa dati. Ako'y naipanalangin na, pero walang pagbabago sa pakiramdam ko." Huwag na huwag ninyong susumbatan si Jonas.

<sup>140</sup> Ngayon tingnan ang mga pangyayari sa kaniya. Ngayon, unang-una na, siya'y naroon sa isang maunos na dagat, at nawawala siya sa daan na pinagsuguan ng Dios sa kaniya. Ang mga kamay at paa niya ay nakatali. Siya ay inihagis sa isang bumabagyo, nagngangalit na dagat, at isang balyena ang lumulon sa kaniya at bumaba tuluy-tuloy sa ilalim ng dagat. At siya ay nakahiga roon sa suka, sa tiyan ng balyena, mga damong-dagat ay nakapulupot sa kaniyang leeg. At kung siya ay titingin sa gawing *ito*, 'yun ay tiyan ng balena. Titingin siya sa gawing *iyon*, 'yun ay tiyan ng balyena. Saanman siya tumingin, 'yun ay tiyan ng balyena. Sinasabi n'yo ang mga kaso ng sintomas, maaaring nagkaroon siya nito. Nguni't alam n'yo kung ano'ng sinabi niya? Sabi niya, "Sila'y mga walang kabuluhang kasinungalingan. Hindi na ako titingin pa sa kanila, kundi minsan pa ako'y titingin sa Iyong banal na templo."

<sup>141</sup> Sapagka't, si Solomon, isang natural na tao ng sanlibutan, na nanalangin sa paghahandog ng templo, ay nagsabi, "Panginoon, kung ang Iyong bayan ay nasa panganib saanman, at titingin sa banal na dakong ito, kung ganoon dinggin Mo mula sa Langit."

<sup>142</sup> At si Jonas ay may pananampalataya sa idinalangin ni Solomon. At iniligtas siya ng Dios mula sa balyena, pagkaraan ng tatlong araw at gabi. Maaaring naglagay Siya ng tolda ng oxygen sa ibaba roon. Hindi ko alam kung ano ang ginawa Niya, nguni't pinanatili Niya siyang buhay sa loob ng tatlong araw at gabi, ayon sa Salita. At ang Salita ay tama.

<sup>143</sup> Buweno, kung si Jonas, sa ilalim ng mga pangyayaring iyon, ay makatitingin muli sa tabernakulo na ginawa ng isang tao, gaano pa kaya na ako at ikaw, sa gabing ito, na tumingin sa Templo kung saan nakatayo si Jesus sa kanang kamay ng Kamahalan, sa Kaniyang Sariling Dugo, namamagitan sa ating pagpapahayag, sa ating mumunting sintomas! Huwag

mong hatulan si Jonas, at pagkatapos titingin sa kung ano ang problema sa iyo. Tumingin ka sa pangako, “Sinabi ’yun ng Dios!” Kung kayo’y mga anak ni Abraham, “Sinabi ’yun ng Dios!” Siya ay nangako, at sapat na iyon.

<sup>144</sup> Pansinin, lahat ng mga tao noo’y nasa labas na nangingisda, at hinahatak ang kanilang mga lambat at bagay-bagay. Paglipas ng ilang sandali, nagpaitaas ang dios ng dagat, ang balyena, nagmamadali tungo sa baybayin. Bawa’t isa ay nanikluhod. Alam ng Dios kung paano gawin ang mga bagay. At pumunta siya mismo sa baybayin at inilabas ang dila niya, at, nang gawin niya, narito ang propeta na naglalakad palabas mismo sa bibig ng balyena. Ang propeta! Inilura nung dios ang propeta mismo sa baybayin. Kaya pala nagsisi sila. Kita n’yo?

<sup>145</sup> Iyon ay isang tanda. Si Jonas na inihatid ng balyena, ay isang tanda. Ano’ng ginawa niya? Iyon ay isang tanda mula sa Dios. Ano ang sinabi ng tinig? “Mangagsisi kayo o kayo’y mamamatay, sa loob ng apatnapung araw.” Ang tanda ng Dios; ang tinig ng Dios! Palagi, kapag ang Dios ay nagsugo ng tanda, isinusugo ng Dios ang Kaniyang tinig sa likod ng tanda. Pansinin, “Mangagsisi, o sa loob ng apatnapung araw ang buong siyudad na ito ay mawawasak.”

<sup>146</sup> Ang pagpapakita ni Juan na propeta sa sanlibutan, makaraan ang apat na raang taon na walang propeta; ang tanda pagkaraan ng apat na raang taon, ng pagpapakita niya. Ang kaunting panahon ng pagpapahapay-hapay!

<sup>147</sup> Ngayon kung ikaw ay espirituwal mauunawaan mo kung ano ang sinasabi ko. Nawa’y buksan ng Dios ang iyong pang-unawa. Gaano na katagal!

<sup>148</sup> Apat na raang taon, ang Israel na walang propeta, at mga simbahan ay naging labis nang baluktot, at pagkatapos heto si Juan na dumating sa tagpo. Si Juan ang propeta, isang tanda na ang Mesiyas ay mangungusap pagkatapos niya. Masdan. Sapagka’t, sinabi ng Malakias 3, “Aking isusugo ang Aking Sugo sa harap Ko, upang ihanda ang daan, ihanda ang mga tao.”

<sup>149</sup> Tingnan si Juan, walang pagkamakasarihan sa kaniya. Hindi siya kailanman kumuha ng anumang kaluwalhatian. Sinubukan nilang tawagin siyang ang Mesiyas; nguni’t sabi niya, “Hindi ako karapat-dapat upang kalagin ang Kaniyang panyapak.”

<sup>150</sup> Nguni’t noong oras na magpakita si Jesus, nasa Kaniya ang tanda, isang Haliging Apoy, isang Liwanag sa ulohan Niya, katulad ng isang kalapati na bumaba sa isang tinig na nagsasabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak, Na siya Kong lubos na kinalalugdan.”

<sup>151</sup> Pansinin, at kagyat na sinabi ni Juan, “Siya’y kailangang dumakila. Ako’y kailangang bumaba.” Kaniyang ipinakilala ang Iglesya kay Cristo. Amen.

152 Tayo ay nasabihan na, sa mga huling araw, 'yan ay mauulit muli! May isang Mensaheng darating, na ipakikilala ang Mesiyas sa mga tao. At ito'y magiging sa paraang, sila'y matitigilan katulad nila noon. Kaniya itong ipinangako. Ang kasunod na kabanata ng Mateo, ng Malakias, ay nagsasabi sa atin patungkol dito. Masdan.

153 Sila'y nagtanong tungkol dito. Ang kalikasan ni Juan ay nagpakilala na siya ay nasa espiritu ni Elias. Ngayon pansinin ang dalawang propeta.

154 Ngayon, si Elias ay isang tao na nabuhay noong panahon na ang Israel, nasa isang kaguluhan.

155 Si Achab ay hari. At lahat ng mga kababaihan ay tinutularan na si Jezabel, at marahil waterhead na gupit ng buhok at lahat na, marahil gaya ng meron tayo sa araw na ito. At ang lahat ay tumulad na kay Jezabel. At inisip ng mga pastor, "Ayos lang 'yun. Pabayaan mo sila. Hayaan mo silang gawin iyon."

156 At noong panahong iyon, ang Dios ay nagpalitaw ng isang lalaki mula sa ilang, sa pangalan na Elias. Hindi man lang natin alam kung saan siya nanggaling. Wala siyang paaralan para makilala siya. Nguni't siya ay lumitaw, at sinaway lahat ng mga bagay na 'yan. Kaniyang sinaway ang kabuuang kalagayan.

157 Kung siya ay darating sa tagpo, sa araw na ito, sasawayin din niya ang ating kalalagayan.

158 Sinaway niya ang bawa't Jezabel. At ito, sa dulo, itong babae ang nakapagpahina ng loob sa propeta. Tumakas, katulad ni Juan; nahimlay sa lilim ng punong enebro noong papatayin siya ni Jezabel. Kinapootan siya nito.

159 At pagkatapos nalaman natin nang dumating si Juan, mula sa ilang muli, isang mahiligin sa ilang, na may mensaheng diretsahan sa modernong kababaihan na namumuhay nang hiwalay sa asawa at kasal, at muling nagpakasal, pinagpiras niya ang bagay. Hindi siya nagmula sa alinmang paaralan. Siya ay nagmula sa Dios, isang lalaking isinugo mula sa Dios. At binatikos niya ang mga modernong kababaihan, laban sa kanila nang matapang, at hindi siya nagpigil. Kundi malinaw niyang sinabi, "Ang panahon ay nalalapit na, ang Mesiyas ay mangungusap." Tingnan n'yo 'yun.

160 Ngayon ihambing ang panahon ng unang pagparito ni Elias sa ilan sa mga modernong propeta sa panahong ito, hinahayaan ang kanilang mga Jezabel na magpagupit ng buhok, at magsuot ng syorts, manigarilyo, anumang bagay na gusto nilang gawin, pinangungunahan sila. Mas makabubuting huwag kang magsalita ng anuman, iiwanan ka niya, kukuha ng iba pa. Pinangungunahan sila sa pamamagitan ng mga kredong gawa ng tao; 'yan ay kahiya-hiya, mga doktrina ng tao. At, sa paggawa niyan, kanilang niwawalang kabuluhan ang mga utos ng Dios, 'pagkat maaari silang makianib sa iglesya at mag-angkin pa rin

na mga Cristiano, at hawakan ang kanilang mga karapatan at sasabihing sila'y mga Cristiano, at magpatuloy. Iyon ang gusto nila. Iyon ang ginawa nila noon.

<sup>161</sup> Nguni't, tandaan, ito'y sa panahong tulad n'yon, katulad ng ipinangako ng Dios sa Malakias 4, na tutuparin Niyang muli ang Salita. Tama 'yan. Tingnan kung nasaan na tayo sa araw na ito, katulad noong panahon ni Juan, katulad noong ibang mga panahon.

<sup>162</sup> Tingnan itong munting matandang si Amos na dumating, isang maliit na matandang lalaki. Hindi natin alam kung saan siya nanggaling. Isa siyang pastol. Dinadala siya ng Dios doon sa mga pastulan ng tupa at mga pastulan ng baka, at, sinasaway siya. At nang siya ay naparoon sa Samaria, at nang umakyat siya at tumayo sa burol na 'yon noong araw na 'yun, tumingin sa baba roon. At ang araw na iyon ay sumisikat sa kanyang kalbong ulong 'yun, at ang balbas niya ay namumuti na, at ang kaniyang mga mata'y nakapirmi ang tingin at kumislap. Ang mga banal niyang mata ay kumurap, hindi dahil sa mga tanawin na nakita ng mga turista sa kanilang pagpunta rito, dahil ang buong siyudad ay nagkakasala.

<sup>163</sup> Sino itong maliit, hindi kilalang tao? Oo, ito'y si Amos, ang propeta. Siya ay nagpropesiya noong panahon ni Jeroboam the Second, isang lilong hari, hinayaan ang mga tao na gawin ang anumang bagay. Ang mga saserdote ay ipinahihintulot ito. Itinayo nila ang pinakamagagandang simbahan. Sila ay nabibihisan ng pinakamagagandang kasuotan. Ang kanilang mga kababaihan ay imoral. Sila'y nagdadamit sa anumang paraang ibig nila. Ang mga turista ay nagdadagsaan sa bawa't dako, para makita ang naggagandahang mga babae at ang kanilang mga ginagawa.

<sup>164</sup> Isa pang modernong U.S.A. lang, ipinagpapalagay na bayan ng Dios. Walang nagbabanggit ng anuman tungkol dito. Para bang mahigpit ang pagkahawak sa mga tao. Labin- . . .

<sup>165</sup> Labing-walong taon na ngayon, sa araw na ito! Si Rebekah ko ay labing-walong taong gulang, sa araw na ito. Labing-walong taon, tinawid ko ang bansang ito, sinasaway ang mga bagay na ito. At kapag ako ay bumabalik, taun-taon, mas marami pang babaeng maiksi ang buhok kaysa noong una akong nagsimula.

<sup>166</sup> Isang dakila, tanyag na Pentecostal na mangangaral ang nagdala sa akin papasok sa isang silid, mga isang taon na ang nakararaan, mainam, kilala, sa buong mundo ay kilalang tao. Sabi niya ako. . . "Kapatid na Branham, hayaan mong ipatong ko ang mga kamay ko sa iyo at manalangin para sa iyo."

Sabi ko, "Wala akong sakit."

<sup>167</sup> Sabi niya, "Nguni't may bagay na mali." Sabi niya, "Kapatid na Branham, sisirain mo ang iyong ministeryo. Walang



makikipagtulungan. Kaya naman pala ang mga mangangaral ay ayaw makipagtulungan sa iyo; ito'y dahil sa paraan mo ng pagsaway sa kanila na mga kababaihan."

Sabi niya, "Ang mga taong 'yan ay tinatawag kang isang propeta."

Sabi ko, "Hindi ko kailanman sinabing ganoon nga ako."

168 Sabi niya, "Nguni't iniisip nila na ganoon ka nga." Sabi niya, "Ganoon din ang paniwala ko." Sabi niya, "Ikaw ay tinawag para manalangin para sa mga maysakit." Sabi niya, "Ipanalangin mo ang mga maysakit, at hayaan mo silang mga babae. Sinasaktan mo ang kanilang mga damdamin."

Sabi ko, "Papaano?"

169 Sabi niya, "Nagsasalita ka tungkol sa mga pagpapagupit nila ng maiksi at mga bagay-bagay."

Sabi ko, "Mali 'yon."

170 Sinabi ng Biblia, "Ang isang babae na—na ginugupitan ang kaniyang buhok, may karapatan ang asawa niyang hiwalayan siya." Eksaktong tama. "Kaniyang winawalang-puri ang kaniyang ulo." Iyon ang sinabi ng Biblia. Ngayon hindi ko alam kung gusto n'yo 'yun o hindi, nguni't 'yun ang sabi ng Biblia, sa Unang Corinto.

171 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . hapit na hapit hanggang sa nakalitaw na ang balat. At pagkatapos sila—sila ay lalapit, sasabihin, "Aba, Ginoong Branham, ganiyang uri lang ng damit ang ibinebenta nila."

172 Meron pa rin naman silang mga paninda at mga makinang pantahi. Walang puwedeng idahilan. Ang mga Amish at mga Dunkard na mga kababaihan ay isinusuot pa rin ang mga iyon. Siyanga. [Pumapalapak ang kongregasyon—Pat.]

At anong nangyayari? Sila'y lalabas roon at magpapatuloy.

173 Isang babae ang nagsabi, "Buweno, Ginoong Branham, hindi ako nagsusuot ng syorts. Ako'y nagsusuot ng s- . . ." Ano ba ang mga iyon, pedal pu- . . . [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Pedal pushers."—Pat.] Oo. Sabi, "Isinusuot ko ang mga iyon."

174 Sabi ko, "Iyan ay mas malala pa." Sabi ko, "Sinababi ng Biblia, 'Karumaldumal sa isang babae ang magsuot ng pananamit na nauukol sa lalaki.'" At anong klaseng napakaruming tanawin itong Estados Unidos ngayon! Kita n'yo? Tama 'yan.

175 Hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isang bagay, kapatid na babae. Maaaring kasing dalisay ka ng isang liryo, sa iyong asawa o sa iyong kasintahan, nguni't sa Araw ng Paghatol ikaw ay sasagot sa pagkakasala ng pangangalunya. Sinabi ni Jesus, "Sino man ang tumingin sa isang babae, na may mahalay na pagnanasa sa kaniya, ay nangalunya nang kasama niya." Kung

ang makasalanang 'yan ay tumingin sa iyo, at kailangan nung babae na managot sa Araw ng Paghatol. Iniharap mo ang sarili mo sa kaniya. Gawin mo ang gusto mo. Uh-huh.

<sup>176</sup> Bakit naman gugustuhin ng isang banal na babae ang manamit ng ganiyan? Pagkatapos iyong inaangkin na meron kang Banal na Espiritu dahil sa nagsalita ka ng iba't ibang wika at tumakbo nang pabalik-balik sa sahig? Iyon, ganoon man, nakita ko nang ginawa 'yan ng mga pagano, Hottentots. Ang Banal na Espiritu ay kadalisan, banal, walang bahid. Siyanga.

<sup>177</sup> Sabi ng lalaking ito, “Kung ika'y... Kanila kang pinaniniwalaang isang propeta. Bakit hindi mo sila turuan kung paano makatanggap ng mga dakilang espirituwal na mga kaloob, at kung paano gagawin ang mga bagay-bagay para sa Dios? Bakit hindi mo ituro sa kanila 'yan kung isa kang propeta?”

<sup>178</sup> Sabi ko, “Paano ko sila matuturuan ng algebra kung hindi man lamang nila matutunan ang kanilang ABAKADA?” Alam n'yo kung ano ang ibig sabihin ng ABAKADA? Laging samplatayanan si Cristo. Uh-huh. Paano mo gagawin 'yun? Kita n'yo, gusto n'yong makapunta hanggang sa itaas *doon*, sa halip na magsimula sa ibaba *rito*.

<sup>179</sup> Itatayo ng Dios ang Kaniyang Iglesya sa ibabaw ng pundasyon ni Jesus Cristo, at 'yan ang Biblia. Sa labas niyan, lahat ng iba pang pundasyon ay gumuguhong buhangin. Ang Dios ay hindi nagbabago. Ang kalikasan Niya ay hindi nagbabago.

<sup>180</sup> Kaniyang ginawang naiiba ang mga babae sa mga lalaki, at mga lalaki ay naiiba sa mga babae. Binihisan Niya sila na magkaiba, at ibig na manatili sila sa ganoon. Kita n'yo? Ang mga babae ay gustong magmukhang lalaki, at ang mga lalaki ay gustong magmukhang babae. Oh, naku! Anong pagbabaluktot! Ito'y... At ang kabuuang bagay, para bang mahigpit ang pagkakahawak nito sa mga tao, at hindi mo ito mababago. Para bang isang napakalaking halimaw, isang napakadilim; kung nauunawaan n'yo kung ano ang ipinangungusap ko, sa espiritu. Isang halimaw ang sumakmal sa kanila, at sila—sila'y sadyang hindi makaalis dito; puro Hollywood, puro telebisyon, puro walang-kabuluhang kung anu-ano pa. Lahat ng meron tayo ay marumi. Kaya pala, “Kung ang gawa ay hindi paikliin, para sa pakapanan ng Hinirang, walang laman na maliligtas.”

<sup>181</sup> Sinabi mo, “Hindi ko pa 'yan alam noon.” Buweno, ngayon alam mo na ito, mula ngayon. Kita n'yo? 'Yan ay... Mas maiging ihinto ko na iyan. Tayo'y bumalik. Pansinin.

<sup>182</sup> Si Juan ay isang tanda. At tandaan 'yan, ang paraan ng paggawa ng Dios dito noong unang pagkakataon, sa ganoong paraan Niya ito gagawin muli. Kaniyang ipinangako iyon.

Ngayon, hindi kailanman ginamit ng Dios ang isang grupo ng tao, sa alinmang panahon, para sa ganoong bagay.

<sup>183</sup> Alalahanin, may isang grupo minsan, na, isang kilalang tao na nagnangalang Achab, ikinuha niya ang kaniyang sarili ng isang . . . ipinili niya ang kaniyang sarili ng apat na raang propeta na Israelita. Ngayon, sila'y hindi mga paganong propeta. Apat na raang propetang Israelita. Silang lahat ay may digri at lahat na, nagtayo ng isang malaking paaralan.

<sup>184</sup> May isang maka-Dios na taong nagnangalang Josaphat, na hari noon ng Judah, at siya ay pumaroon. At doon ay kung saan ang isang mananampalataya ay nahalo sa isang di-mananampalataya. Ang mga bagay ay hindi naging maayos.

<sup>185</sup> At sabi niya, "Ang Ramoth-Galaad." Ngayon tingnan ito, kung gaano ito katotoo. Sabi niya, "Ang Ramoth-Galaad ay pagmamay-ari namin, sa itaas roon. Doon sa bahagi ng bansa sa itaas doon, 'yun ay sa amin." Si Josue, sa pagbabaha-bahagi ng lupain, ay ibinigay iyon sa Israel. At ang mga Filisteo, mga pagano, ay dumating at kinuha ito sa kanila. Sabi niya, "Iyan ay sa amin."

<sup>186</sup> Ngayon tunghayan kung paano, sa simulain, maaaring ang mga tao'y tama subali't ganoon pa man hindi Ito maunawaan. Ang bagay na 'yon ay talaga ngang pagmamay-ari ng Israel. Nguni't lahat ng mga pangako ng Dios, kapatid, ay may mga kondisyon, kita n'yo, "Kung sila ay lalakad sa harap ng Panginoon."

<sup>187</sup> Ngayon tumingin dito. Sabi niya, "Aahon ka ba kasama ko, at tulungan ako para kuning muli ang lupain? Buweno, 'yun ay, silang mga batang Filisteo ay nagpapakabusog doon, sa trigo na pag-aari ng Israel." Tama 'yon ayon sa Kasulatan. Sabi niya, "Tulungan mo akong umakyat at kunin ang mga 'yon."

<sup>188</sup> Sabi, "Buweno, ang aking . . ." Doon siya nakagawa ng isang pagkakamali dahil sa pagpapadalus-dalos. "Ang mga karuwahe ko ay sa iyo, ang mga kawal ko ay kagaya ng sa iyo rin. Ako'y sasama sa iyo."

<sup>189</sup> At pagkatapos si Josaphat ay nagsimulang mag-isip, alam n'yo. "Tek, hindi ba tayo sasangguni sa Panginoon tungkol dito bago tayo pumaroon?"

<sup>190</sup> "Oh, siyempre naman," sabi ni Achab, "siyanga. Uh-uh. Ipagpaumanhin mo. Aking—dapat na naisip ko iyon."

"Wala bang propeta saan man?"

<sup>191</sup> "Oh, siyanga. Ako'y may—ako'y may isang—isang seminaryo nila rito, ang pinakamagagaling sa mga nakita mo na. Silang lahat ay nakasuot ng pinakamagagarang damit. Sila ang pinakakagalang-galang na mga iskolar. Inaralan ko sila, hanggang sa kaliit-liitang bahagi. Pumaroon tayo't tawagin sila."

<sup>192</sup> Kaya sila'y nagtungo roon. At silang lahat ay nagkatipun-  
tipon. Hindi sila mapagpaimbabaw. Sila'y nanalangin at  
nanalangin at nanalangin, hanggang sa makakita sila ng isang  
pangitain.

<sup>193</sup> Pagkatapos sila'y umakyat. At isa sa kanila ay gumawa ng  
dalawang malalaking sungay na gawa sa bakal. Sabi niya, "Sa  
pamamagitan nito iyong itutulak ang Filisteo, o ang—ang mga  
taga-Asiria, tuluy-tuloy palabas ng bansa." Sabi niya, "GANITO  
ANG SABI NG PANGINOON. Umahon ka, ang Panginoon ay  
sumasaiyo." Bawa't isa sa kanila, pagkatapos, nagkakaisa, ay  
napasa-espiritu. Sabi ng mga propetang Israelita, "Umahon ka,  
ang Panginoon ay sumasaiyo." Sinasabi mo, ayon ba 'yan sa  
Kasulatan? "Ibinigay ng Dios ang manang ito sa bayan, at nasa  
kaaway ito. Meron kang karapatan na pumaroo't kunin ito."

Ngayon, mga Pentecostes, gusto kong makakuha kayo ng  
aral dito.

<sup>194</sup> Nguni't, si Josaphat, bilang isang maka-Dios na tao, sabi  
niya, "Meron pang isang bagay na medyo mali." Sabi, "Wala na  
ba kayong isa pa?"

<sup>195</sup> "Isa pa, matapos ang apat na raang propetang sinanay  
nang mabuti na nakatayo rito?" Kasing dami ng narito  
sa baba. "Nagkakaisa, nagsasabi, 'GANITO ANG SABI NG  
PANGINOON.' Ibalik mo ito, at sabihin, 'Ibinigay ni Josue ang  
lupain sa amin. Ito'y sa amin. Kunin mo ito!'"

<sup>196</sup> Subali't si Josaphat ay humiling ng isa pa. Sabi, "Wala na  
bang isa pang mapagsasanggunian sa Panginoon?"

<sup>197</sup> Sabi niya, "Oh, may isa pa, nguni't," sabi, "Kinapopootan  
ko siya." Uh-huh, uh-huh. Sabi, "Siya si Micheas, ang anak ni  
Imla." Sabi, "Kinapopootan ko siya. Lagi siyang nagsasabi ng  
mga masasamang bagay tungkol sa akin."

Sabi, "Huwag sabihin ng hari ang ganiyan. Dalhin mo  
siya rito."

<sup>198</sup> Pagkatapos sila'y nagpadala ng ilang mensahero roon. At  
sabi ng ilan sa kanila, "Ngayon, Micheas, gusto kong sabihin sa  
iyo ang isang bagay. Ngayon, alam mong itiniwalag ka nila, -  
tiniwalag ka mula sa pakikisama, hindi pa kalaunan, dahil sa  
lagi kang nagsasalita ng masasamang bagay sa mga tao. Ngayon  
kung gusto mong makuhang muli ang iyong kard ng pakikisama,  
sabihin mo ang ganon ding bagay na kanilang ginagawa, at, oh,  
kanila kang tatanggapang muli."

<sup>199</sup> Pero nangyari na siya nga talaga ay isang propeta. Sabi  
niya, "Habang buhay ang Panginoong Dios, sasalitain ko lamang  
kung ano ang ilalagay ng Dios sa aking bibig." Oh! Pagpalain  
ng Dios ang lalaking 'yon. Sabi niya, "Maghintay ka hanggang  
mamayang gabi, at titingnan ko kung ano ang sasabihin sa akin  
ng Panginoon."

200 Kinaumagahan, sabi, “Yumaon ka, nguni’t aking nakita ang Israel na nangangalat na gaya ng tupa na walang pastol.” Pagkatapos itinala niya ang kaniyang pangitain at ikinumpara iyon sa sinabi ni Elias, kung ano ang nangyari kay Achab. Paano Niyang pagpapalain kung ano ang sinumpa na? Kahit gaano pa . . .

201 Tayo ay isang maka-Dios na bansa. Ang iglesyang Pentecostal, Baptist, at Methodist, at iba pa, ay isang Cristianong iglesya, nguni’t paano mong pagpapalain ang isinumpa ng Dios? Wala akong pakialam, sasabihin n’yo, “Ako—ako’y umanib *dito*. Ginawa ko *ito*.” Wala ’yang isa mang kinalaman dito. Tingnan n’yo kung ano ang ginawa n’yo. Tingnan ang mga Pentecostes, kung paanong sila’y nagpabaya. Tingnan kung ano ka dati, at tingnan kung ano ka na ngayon. Kaya naman pala, ang mata’y, ang mga mata’y nabulag.

202 Pagkatapos siya, si Achab, ang . . . Sinampal siya ng saserdoteng ito sa bibig. At sinabi, “Ilagay siya,” at sabi ni Achab, “ibalik siya roon sa kaloob-loobang bilangguan. Sa pagdating ko nang payapa, ako ang bahala sa taong ito.”

203 Sabi niya, “Kung makababalik ka man, ang Dios ay hindi nagsalita sa akin.” Uh-huh? Kita n’yo? May isang propeta, may isang tanda; naroon ang Kaniyang tinig. At, ang mabigo sa pagsunod dito, ay nagdala ng kahatulan.

204 Ang Banal na Espiritu ang ating propeta sa araw na ito. Mabigong dinggin ang Kaniyang Tinig? Siya’y ipinakilala sa Kasulatan, na sasabihin Niya ang mga bagay na ito. Si Jesus Cristo, sa anyong Banal na Espiritu!

205 Ang Dios ay nakitungo sa isang taong ito. Ito, ang Dios ay hindi kailanman nakikitungo sa mga grupo; ito’y sa isang tao lang. Si Elias ay hindi isang grupo. Si Juan ay hindi isang grupo. Hindi sila grupo o denominasyon, alinman sa mga ito. Kundi kapuwa nila tinuligsa ang ganoon. Tama ’yan. Sabi ni Juan, “Huwag kayong mag-isip na mangagsabing si Abraham ang aming ama. Mangyayaring ang Dios ay makapagpalitaw sa mga batong ito ng mga anak ni Abraham.”

206 At ang huling-panahong tanda ay magkakaroon ng Tinig sa huling panahon. At ang huling-panahong tanda ay magiging sang-ayon sa kung ano ang prediksyon sa Biblia. At ang Tinig sa huling panahon, na sumusunod sa huling-panahong tanda, ay makikilala nang tugmang-tugma sa Kasulatan, ay magiging ang Kasulatan na ipinangako.

207 Ngayon nabasa natin sa Lucas 17 kung ano ang magiging tanda sa huling panahon, magiging tulad noon sa Sodoma, isang pangako. At meron tayong Sodoma sa natural, bakit hindi natin mapaniwalaan ang tanda sa espirituwal dito? Kung iyong makikita ang Mga Kasulatan, din, ang Lucas 17 ay ang tanda, at ang Malakias 4 ay ang Tinig. Ang tanda ay tulad nang ang Dios

ay nahayag sa laman, nalalaman ang mga lihim ng puso; at ang Tinig ng Malakias 4 ay inaakay ang mga tao palayo sa kanilang mga kredo, pabalik sa Pananampalataya ng mga magulang. Iyan ang tanda.

<sup>208</sup> Alam n'yo ba kung ano? Ako'y magsasara na ngayon. Ang mga tanda ay kadalasang tinatanggap, tiyak; nguni't, ang tinig, oh, hindi. Ang tinig na sumusunod sa tanda, ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman diyan. Opo.

<sup>209</sup> Ang tanda ni Jesus, bilang Mesiyas, para pagalingin ang may karamdaman, tinanggap nila iyon. Subali't isang araw sabi Niya, "Ako at ang Ama ay lisa."

<sup>210</sup> Oh, naku, ang tinig na 'yon ay hindi tinanggap. Sabi nila, "Iyong ginagawa ang Sarili Mo na Dios, kapantay ng Dios."

Sabi Niya, "Ako ang Anak ng Dios."

<sup>211</sup> "Oh, naku, paanong magkakaroon ang Dios ng Anak? Kita n'yo, malayo nawa sa Dios na magkaroon Siya ng Anak!"

<sup>212</sup> Nguni't, kita n'yo, pinaniwalaan nila ang—ang tanda, ang maysakit ay mapagagaling, at, oh, 'yun ay kamangha-mangha, 'yun ay sadyang napakainam. Nguni't pagdating sa tinig, ayaw nilang paniwalaan ang tinig. Ano'ng ginawa nila? Pinalabas nila siya.

<sup>213</sup> At alam ba n'yo kung ano? Sinasabi ng Biblia sa atin, sa Apocalipsis sa ika-3 kabanata, dito sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, na ganoon din ang gagawin sa Kaniya. Siya ay nasa labas ng iglesya. Iyon ang Salitang nahayag. Siya ang Salitang nahayag. Siya pa rin ang Salitang nahayag.

<sup>214</sup> Kung mapaniniwalaan n'yo ang tanda ng Sodoma, ng Lucas, kung mapaniniwalaan n'yo 'yon, kung ganoon bakit hindi n'yo tanggapin ang Tinig ng Malakias 4? Kita n'yo, bakit hindi n'yo, kayo? Maaari itong mapagtibay. Ang tanging paraan na magagawa ito ay . . . Ang tanda ay mapatutunayan, nguni't kailangan n'yong tanggapin ang Tinig.

<sup>215</sup> Si Moises ay inatasan na pumaroon, sa natural, at kunin ang isang espirituwal na tanda at tawagin ang mga tao pabalik sa pangako ng mga magulang.

<sup>216</sup> Ang Malakias 4 ay upang ibalik ang mga tao "Pabalik sa Pananampalataya ng mga magulang." Oh, magbalik, O bulag at nangalat, sa inyong sariling bayan!

<sup>217</sup> Sa pagtatapos, sasabihin ko ito, ang huling pangungusap na ito. Sabi ng propeta, "Magliliwanag sa oras ng gabi." Tingnan, sabi niya, "Magkakaroon ng isang araw na hindi matatawag na araw o gabi." Ngayon makinig. Ako'y magsasara na. "Magkakaroon ng isang araw . . ." Ibaon ito nang malalim, at nawa ilagay ito ng Dios sa bawa't puso sa madlang ito, sa gabing ito, sa bulwagang ito. Sabi ng propeta, "Magkakaroon ng isang araw na hindi matatawag na araw o gabi, parang isang

mapanglaw, maulan, makulimlim na araw. Nguni't," sabi, "sa oras ng gabi, ay magkakaroon ng Liwanag."

<sup>218</sup> Ngayon, tandaan, ang araw ay laging sumisikat sa Silangan at nagtungo sa kanluran. Ang sibilisasyon ay sumunod sa araw. Alam n'yo 'yan. At, pansinin, ang mismong araw na sumisikat sa Silangan ang siya ring araw na lumulubog sa Kanluran. Ngayon, ang sibilisasyon ay naglakbay nang tugmang-tugma kasama ng araw, hanggang sa ngayon ang Silangan at Kanluran ay nagtagpo. Tayo'y nasa Baybaying Kanluran; Silangan at Kanluran.

<sup>219</sup> At, tandaan, ang Ebanghelyo ay naglakbay nang ganoon din. Ito'y nagmula sa Silangan, ang pagparito ni Jesus Cristo, ang S-o-n, hindi s-u-n. S-o-n, ang Anak ng Dios, ay bumangon sa Silangan, sa mga taong taga-Silangan.

<sup>220</sup> At ngayon nagkaroon ng araw na nakianib ang mga tao sa mga simbahan, gumawa ng mga denominasyon, sapat lang na liwanag para makakita, "Buweno, tayo'y magkakaroon ng simbahan. Itatayo natin *ito*. Tayo'y magtatayo ng isang paaralan. Tayo'y magtatayo ng isang ospital. Tayo'y magtuturo. Tayo'y magkakaroon ng seminaryo." Nagkaroon sila ng sapat na liwanag para gawin iyan.

<sup>221</sup> Nguni't, tandaan, sinabi ng Biblia, ng propeta ng Panginoon, sa Biblia, na GANITO ANG SABI NG PANGINOON, "Ang siya ring araw na sumikat sa Silangan ay sisikat na muli sa Kanluran, sa oras ng gabi. Magliliwanag sa oras ng gabi."

<sup>222</sup> Ano ang gagawin Niya? Ganiyang-ganiyan kung ano ang sinabi Niya sa Lucas sa ika-17 na kabanata. "Sa huling panahon, kapag ang Anak ng tao ay inihahayag na sa ganoon ding paraan na tulad sa Silangan, ang siya ring Anak na nagliliwanag, ang Kapangyarihan ding iyon, ang siya ring Banal na Espiritu, ang Bagay rin na iyon na gumagawa ng ganoon ding bagay. Magliliwanag sa oras ng gabi."

<sup>223</sup> Ang siya ring araw na naglakbay; ang siya ring S-o-n na naglakbay; bumaba sa Silangan, mula kay Pablo; lumukso sa Alemanya, tungo kay Martin Luther; lumukso ng muli, sa Kaniyang sumunod na hatak; at mula riyan ay nagtungo sa Inglatera, tungo kay John Wesley; lumukso patawid ng Karagatang Atlantiko, tungo sa Estados Unidos, sa Pentecostes; at ngayon ang Pentecostes ay unti-unting naupos na, at tayo'y nasa Baybayin.

<sup>224</sup> Bawa't isa sa kanila, naging denominasyon, gaya lamang ng ginawa nila noong pasimula, gumawa ng organisasyon na isinumpa ng Dios. Ang Pentecostes, at lahat na, ay ginawa iyan.

<sup>225</sup> Nguni't sabi Niya, "Magliliwanag sa oras ng gabi. Magkakaroon ng isang tandang sisikat sa oras ng gabi." Huwag n'yo Itong palampasin, mga kaibigan. Huwag n'yo Itong palampasin. Ngayon, ang siya ring Anak ay magbibigay ng siya

ring Liwanag. Ang siya ring s-u-n ay nagbibigay ng siya ring s-u-n na liwanag. Ang siya ring S-o-n ay nagbibigay ng siya ring S-o-n na Liwanag.

<sup>226</sup> Ngayon, hindi ako ang may sabi niyan. Lahat dito, na nakaalam na sinasabi ng Biblia 'yan, itaas ang inyong mga kamay. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] 'Yan ay tumpak na tumpak.

<sup>227</sup> Ngayon, magagawa n'yo, ito'y nasa sa inyo na. Sampalatayanan na ang Anak ng Dios, si Jesus Cristo, ay may, ay hindi patay. Siya ay buhay. Siya ay nasa kapakumbabaan, mapagpakumbaba. Siya ay lagi nang nanahan nang ganoon. Ang daan sa itaas ay sa baba. Magpakababa kayo, lumayo mula sa inyong mga pormal na kaisipan, at manampalataya sa Panginoong Jesus. Tingnan n'yo ang tanda, pagkatapos paniwalaan n'yo ang Tinig. Magbalik, O nangalat, sa inyong sariling bayan!

Iyukod natin ang ating mga ulo.

<sup>228</sup> "At kung hindi nila paniwalaan ang Tinig ng unang tanda, sa kamay, kagaya noon kay Moises, kung ganoon gawin mo ang ikalawang tanda. Pagkatapos, kung hindi nila paniwalaan ang tandang ito, kung ganoon kumuha ka ng tubig (tubig na sumasagisag sa buhay) na nasa karagatan o sa dagat, ibuhos ito sa lupa, ito'y magiging dugo."

<sup>229</sup> Makalangit na Ama, talagang masyado nang gabi ngayon, nguni't Iyong ipinangako na magkakaroon ng Liwanag sa gabi. Hayaang ang Tinig ng aming Ebanghelyo ay bumaon nang malalim sa puso ng mga tao, habang kanilang binubulay-bulay Ito at sinasaliksik ito sa pamamagitan ng Salita.

<sup>230</sup> Pagpalain Mo po ang komunidad na ito, Panginoon. Pagpalain Mo po ang mga taong ito. Nakikita silang nakaupo rito, gutom, kawawang mga batang pinagtutulakan at pinupwersa, at *ganito*, nalalamang ginawa 'yan ni Satanas para lang bulagin sila sa bagay na ito kapag Ito'y nakarating doon. Nawa sila, sa gaging ito, na nagkakaisa, sampalatayanan si Jesus Cristo, sampalatayanan ang Kaniyang pangako, na Siya'y bumangon mula sa mga patay.

<sup>231</sup> Sinabi Mo, "Sa oras na hindi nila iniisip, sa gayon ang Anak ng tao ay darating."

<sup>232</sup> Kung kailan mismo nakamtan ng iglesya ang kaniyang, mas maraming pera, nagtatayo ng milyun-milyong dolyar na mga gusali. Mas mabuti pa sa kanila, Ama, naniniwala ako, bumalik na nakatayo roon sa isang sulok, tinutugtog ang isang-isang tamburin, na may sumbrero sa kamay nila, ang lumang drum sa sulok katulad ng Salvation Army, kaysa sa maupo ngayong gabi sa mga naglalakihang morge, nagpupumilit na tularan ang sanlibutan, "May anyo ng kabanalan, at tinatanggihan ang Kapangyarihan nito."



<sup>233</sup> Ipagkaloob Mo po, Panginoon, sa gabing ito, minsan pa, Panginoon; gaya ni Samson na sumigaw, “Minsan pa, Panginoon, minsan pa.” Ipaalam Mo po na Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios; ang siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman. At ipakilala ang Iyong Sarili sa aming kalagitnaan, upang makita nila ang tanda, marahil paniniwalaan nila ang Tinig. Sa bagay na ito, aking hinihiling sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>234</sup> Tayo’y tatawag ng isang hanay ng pananalangin, kaagad-agad. Nakita kong talagang oras na ngayon ng ating pag-uwi. Nguni’t magkaroon tayo ng isang hanay ng pananalangin, isa lamang munting hanay ng pananalangin, pagkatapos tayo’y magpapasimula bukas.

<sup>235</sup> Namigay siya ng mga kard ng pananalangin sa araw na ito. Kung ganoon, tayo ay namimigay ng kard ng pananalangin araw-araw, kaya’t bawa’t isa ay magkakaroon ng pagkakataon na makaparito sila, isang kakaibang panahon. Ang makaakyat sa hanay ng pananalangin, hindi ’yan ang makapagpapagaling sa inyo. Alam ninuman, sa bawa’t pagtitipon, mas marami ang gumagaling riyan kaysa meron sa taas rito, kita n’yo, lagi. Ang Espiritu Santo ay sadyang pareho ring naririyang. Naghahanap lang Siya ng mga mananampalataya, ’yun lang, na Kaniyang mapupuntahan.

<sup>236</sup> Mamigay kayo ng mga kard ng pananalangin na P, tulad sa Pablo. Ating, kung saan tayo’y nag. . . Buweno, magtatawag mula sa isa. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, patayuin sila sa banda *rito*, kung maaari. Ang kanilang kard ng pananalangin na P, gaya sa Pablo, isa hanggang sampu, tumayo banda rito sa tabing *ito*, kung kayo ay makatatayo. Kung hindi n’yo kaya, kung ganoon, kukuha tayo ng isa na tutulong sa inyo. Sampu; isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo. . . O sige, dalawa pa. Walo, siyam, sampu, o sige. Sampu hanggang labinlima, sampu hanggang labinlima, ’yan ay lima pa. Labinlima hanggang dalawampu, tumayo kayo para makita ko kung tumatayo kayo; P, labinlima hanggang dalawampu. Dalawampu hanggang dalawampu’t lima. Tingnan natin ngayon, saan man kayo naroon. Ngayon ang iba sa mga tagapakinig ay maging tunay na magalang, ilang minuto lamang. ’Yun ay ang kard ng pananalangin na P, isa hanggang dalawampu’t lima. Hindi ba? Dalawampu’t lima, isa hanggang dalawampu’t lima.

<sup>237</sup> Ngayon ang iba pa ay maging tunay na magalang. Ibigay sa Dios ang ganoong paggalang, ibigay sa Mensahe. Bilang pasasalamat n’yo sa Dios ’yon, ang tumingin pansumandali at pag-isipan.

<sup>238</sup> Ngayon sa palagay ko ay inihahanda na nila ang mga tao. Sila na walang. . . Kung meron silang kard ng pananalangin,

hindi sila nakapilang lahat, malalaman nila; sasabihin nila sa akin sa loob ng ilang minuto, at pagkatapos sila'y . . .kung ganoon makikita natin kung marahil may isang bingi o isang hindi makalapit.

<sup>239</sup> Hindi ko alam kung saan sila naroon, mga kaibigan, ang mga kard ng pananalangin. 'Yung batang lalaki ay pababa rito . . . [Si Kapatid na Branham ay nagtatanong sa isa na nasa entablado, "Sinong namigay sa mga iyon? Ikaw ba, o si Billy? Si Billy?"—Pat.] Kapag siya ay bumababa, at pinaghahalu-halo ang mga kard na 'yon, sa harap ninyong mga tao, pagkatapos binibigyan kayo ng kard ng pananalangin; pupunta agad sa baba, sasabihin sa inyong lahat na umupo, bibigyan kayo ng kard ng pananalangin. Kita n'yo? Hindi ko alam kung saan sila naroon. Sinisikap ko kanina pang paakyat ang batang ito rito, kita n'yo. At, ang iba, aking—hindi ko nakikilala, ako—wala akong anumang paraan na malaman 'yan. Sa palagay ko ang Dios ay sadyang itinatalaga ito sa ganoong paraan na gusto Niya itong italagang tulad niyan.

<sup>240</sup> Ngayon, ngayon ang iba pa sa inyo, na walang kard ng pananalangin. Itaas ang inyong kamay, sabihin, "Wala akong kard ng pananalangin, pero ako'y may sakit." Itaas n'yo ang inyong kamay saan man sa gusali. Walang anumang sa akin kung saan kayo naroon, itaas n'yo ang inyong . . . Buweno, walang gaanong maraming tao rito kung ganoon, ngayon. Buweno, batay rian, hindi gaanong magtatagal na manalangin sa hanay ng pananalangin bukas. May mga dalawampu rito, na hindi nakatayo rito, na may sakit.

<sup>241</sup> Iyan ay mainam. Ako'y nagagalak na makitang tinatanggap ninyo ito gaya niyan. Mas marami ang pananampalataya n'yo kaysa sa naisip kong meron kayo, marahil. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung inyo nang tinanggap ang kagalingan n'yo, itinapon na ang kard n'yo, pagpalain kayo ng Panginoon. 'Yan ang tunay na lantay na pananampalataya. Walang nagpatong ng mga kamay sa inyo; nahawakan n'yo si Cristo.

<sup>242</sup> Ngayon kayong narito sa gabing ito, na hindi makakasama sa hanay ng pananalangin, paniwalaan ninyo ang kuwentong ito. Katulad ng babae na humipo sa laylayan ng Kaniyang damit, at Siya'y bumaling sa likod at nakilalang kaniya Siyang hinipo, ilan ang nakakaalala sa kuwento? Tiyak, natatandaan ninyo.

<sup>243</sup> Ngayon pinaniniwalaan n'yo ba iyan, Siya, ang Biblia ay nagsabi sa Mga Hebreo 4, na, "Siya ang Dakilang Saserdote, ngayon mismo, na maaaring mahabag sa ating mga kahinaan?" [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, kung Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, hindi ba ganoon din ang gagawin Niya? ["Amen."] Hindi ba Niya ito ginawa, gabi-gabi, rito? ["Amen."] Ilan na ang dumalo sa iba pang mga pagtitipon at nakitang ginawa Niya ito? Magtaas

lamang. ["Amen."] Siyanga. Kita n'yo? Sa buong mundo! Alam Niya, alam Niya ang lahat ng tungkol sa inyo.

<sup>244</sup> Ngayon nakita n'yo kung ano ang sinisikap kong gawin. Ilan ang nakauunawa kung ano ang gusto kong gawin n'yo? Kita n'yo? Gusto kong kayo, na walang nagpapatong ng anumang kamay sa inyo, gusto kong kayo, bilang isang tunay na instrumento ng Dios, sabihin, "Jesus Cristo, sinasampalatayanan Kita. Tinatanggap Kita ngayon bilang aking tagapagpagaling. Tinatanggap Kita ngayon bilang aking Tagapagligtas. Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko, ang gawa nito ay tapos na." Pagkatapos panghawakan n'yo ang pangakong iyan, panghawakan n'yo ang inyong pahayag at sumulong kayong taglay ito. Tingnan n'yo kung ano ang mangyayari. Kita n'yo? Tingnan n'yo kung ano ang mangyayari. Kita n'yo? Ngayon 'yan ang sinisikap kong ipagawa sa inyo, ang tunay na paraan na dapat tayong sumampalataya.

<sup>245</sup> Ano'ng sabi mo? [May isang nagsasabi, "Apat at labinsiyam."—Pat.] Bilang na apat, kard ng pananalangin na bilang apat at bilang labinsiyam, ay nawawala. Pang-apat na kard ng pananalangin. Tingnan n'yo ang sinuman; tingnan n'yo ang kard ng katabi n'yo. Kard ng pananalangin na bilang apat at bilang labinsiyam. O sige, sandali lang, maghintay. Kita n'yo, kung hindi ko siya tatawagin, kung ganoon babalikan ko iyon, kita n'yo. Ano'ng sabi? Ano'ng sabi? ["Apat."] Hawak mo ang apat? Paano 'yung labin- . . . Wala pang labinsiyam. Ano'ng sabi? ["Apat pa."] Ang kard ng pananalangin bilang apat ay wala pa, o labinsiyam. Kung merong may hawak ng mga kard na 'yon, kung maaari kayong magtungo sa pila. O, tingnan, kita n'yo, marahil ito . . . meron bang . . . Ang munting bata bang iyon ay may kard? Tingnan n'yo, hindi ba . . . Hindi 'yon ang bilang. May kard na ba *itong* binibini rito, na nandito sa wheel chair? Tingnan n'yo ang bilang niya. 'Yun ba—'yun ba ang bilang niya? Isang babaeng nasa higaan, huh? Nakita na nila. Sila, narito nang lahat ngayon. O sige. Buweno. Ngayon—ngayon, kayong mga taong may kard ng pananalangin, hawakan ninyo ang mga 'yan. Kami'y maglilingkod, sa biyaya ng Dios.

<sup>246</sup> Ngayon, mga kaibigan, dahil ito ang huling gabi natin, bukas ay Linggo ng hapon, tayo'y tumahimik. Ngayon alisin lang ang bawa't kawalang pananampalataya na meron kayo at bawa't—bawa't walang kabuluhang pag-iisip, at ilapag ito sa sahig, at itapak ang paa n'yo sa ibabaw nito, gaya noon. Sabihin, "Panginoong Jesus, ako'y sasampalataya sa Iyo." Ilan ang gagawin iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Salamat sa inyo. Pagpalain kayo ng Dios.

<sup>247</sup> Ngayon walang aalis. Manatili sa pagkakaupo, at sumampalataya. Tumingin kayo sa gawing ito, at masdan ngayon.

248 Ang pagkakakilanlan sa Dios ay lagi nang pagkaalam, kayang makita ang nangyari na, at sabihin kung ano ang nangyari na, kung paano iyon, o anong magaganap. Alam natin iyan. Ganoon nakilala ang mga propeta. Ganoon nakilala si Jesus bilang ang Mesiyas. At Siya'y ang siya ring Mesiyas sa araw na ito katulad Niya noon, lamang ay hindi sa katawang laman dito sa lupa. Isinugo Niya ang Kaniyang Espiritu muli upang gamitin ang iyong katawan, ang aking katawan. Ngayon, maaaring hindi ninyo magawa ito. Alam natin, sa Kasulatan, may isa sa isang henerasyon. Nguni't, kita n'yo, nguni't ganoon pa ma'y maaari ninyo itong paniwalaan, at meron pa kayong ibang mga bagay na magagawa, bawa't isa.

249 Paano kung ang daliri ko ay nagpasya, dahil hindi ko iyan mata, hindi na ito magiging daliri ko? Paano kung ang brasong ito ay magsabi, "Hindi na ako tataas pa, 'pagkat kung hindi ako mata, o tenga, hindi ako magiging braso"? Aba, mababaldado ang katawan ko.

Ikaw ay maging kung saan ka inilagay ng Dios na gampanin.

250 Ilang beses kong hinangaan sina Oral Roberts, Billy Graham, Tommy Osborn!

251 Ilan sa mga lalaking iyon ay lalakad roon at magsasabi, "Luwalhati sa Dios! Sampalatayanan ito!" Matapang na pananampalataya. Lalakad palayo, aalis roon na hindi nagbabago ang lakas.

252 Si Billy Graham ay tumatayong taglay ang isang mensahe, at magsasalita sa mga tao nang ilang minuto, sasabihin, "Magpasya kayo; pumarito sa altar." Tumayo lamang roon, hindi na gagawa ng iba pang hakbang.

Sabi niya, "Kung ganoon bakit mo ginagawa ang ganoon, Billy?"

253 Sabi, "Ang mensahe ko ay naipangaral na. Ito ay nagmula sa Dios." Tama 'yan.

254 Siya ay nasa iglesyang Sodomang iyon, tugmang-tugma lamang kung anong dapat. Ang pangalan niya ay nagtatapos sa h-a-m mula sa Abraham, anim na letra; ang Abraham ay pito. Kita n'yo ang mensahero ng iglesyang 'yon, doon sa Babilonia? Siyanga. Wala nang iba pang tao sa bansa ang mayroong mensahe ng pagsisisi, tulad kay Billy Graham. Siya ay nakatayo roon. Aalis mula roon, at paroroo't kakain ng T-bone steak at matutulog, iinom ng gatas na may malt. Iyan ay mabuti.

255 At kung kailangan mong manindigan at makipagbaka sa mga diablo! Minsan sa Long Beach, si Kapatid na Jack at ako. . . Ang ama n'yo ay nakatayo roon.

256 At narooing nakatayo si G. Fuller, Charles Fuller, isang mabuting kapatid, nakatayo roon na nangangaral. Mga dalawa o tatlong libong tao ang naroon nang hapon na iyon. Kami

ay naupo at nakinig sa kaniyang gawain. Inupahan ko 'yung awditoryum, pagkatapos niya. At siya ay tumayo roon at nangusap nang mainam. At sabi, "Meron ba rito na gustong tumanggap kay Cristo?" Dalawa o tatlong tao ang pumaroon para sa paghahandog ng kanilang mga sanggol. Isang babae ang nagsabing gusto niya itong tanggapin. Umakyat at naghandog ng isang munting panalangin, isa sa mga diakono roon, bumalik at umupo. Nakipagkamay, tumalikod at lumabas. Naroon ang kaniyang intelektuwal, maayos na nadaramtang grupo ng mga tao, lumalabas mula roon.

<sup>257</sup> Narito pumasok naman ang mga sa akin, mga naka-strait jacket, mga wheel chair, bulag, lumpo, pilay, baldado. Kapag ang pananampalataya mo ay nakaharap ng isang tulad niyan!

<sup>258</sup> Ngayon dito, ano ang ipinahayag ko tungkol kay Cristo? At ngayon may mga di-mananampalatayang nakaupo sa paligid, gustong makahanap ng isang pagkakamali, kita n'yo, sadyang pinipilit na humanap ng isang pagkakamali.

<sup>259</sup> Alalahanin, dito hindi pa kalaunan sa Toronto, kami ay nakatayo roon na nangangaral, nananalangin para sa mga maysakit. Patuloy kong nararamdaman noon ang isang kakaibang espiritu; nakaupo ito sa may kaliwa ko. Patuloy ko itong minatyagan. May isang lalaking nakaupo roon, inupahan siya ng isang grupo na pumaroon para hipnotismuhin ako. Siya ay nagtutungo sa mga kampo ng mga sundalo at pagagawin ang mga sundalo na lumakad sa kanilang mga kamay at patatahulin katulad ng mga aso, at mga bagay-bagay; hipnotismo. Naramdaman ko ang masamang espiritung iyon. Hindi ko alam kung saan ito nanggagaling. Patuloy akong nagmamasid. Nakita ko ang maitim na aninong iyon. Ako ay naghintay lamang ng mga ilang minuto. Sabi ko, "Ikaw na anak ni Satan, bakit binulag ng diablo ang iyong kaisipan sa isang gaya niyan? Dahil ikaw ay dumating para mangibabaw sa Dios, hamunin ang Espiritu ng Dios, bubuhatin ka nila palabas rito." Siya ay naparalisa mismo roon sa kaniyang upuan at paralisado pa rin. Kita n'yo?

<sup>260</sup> Hindi tayo naglalaro sa simbahan. Ilan na ang nakadalo sa mga pagtitipon at nakita ang ganoon ding mga bagay na nangyari, alam n'yo ang mga bagay na nangyayari? Siyanga. Tama 'yan. Tandaan, maging—maging magalang.

Ngayon heto, sa palagay ko, ang unang tao. Tama ba 'yun?

<sup>261</sup> Ngayon, kita n'yo, ako'y nangaral, sinabi sa inyo eksakto kung ano ang mangyayari sa araw na ito. Ngayon 'yan ay isang tanda, kung ito ay maganap. 'Yun ang tanda, kung ganoon paniwalaan n'yo ang Tinig na sumusunod sa tanda. Kita n'yo?

<sup>262</sup> Ngayon narito ang isang babae. Eksakto, sa inyong mga bagong dalo, ito ang San Juan 4, kung saan nakatagpo ng ating Panginoong Jesus ang isang babae sa may balon. Hindi pa sila

kailanman nagkakita, sa buhay, at Kaniyang sinabi sa babae kung ano ang lumiligalig sa kaniya. At nakilala niya na iyon ang Mesiyas. Alam n'yo ang kuwento? Heto itong muli, isang lalaki at isang babae ang nagkatagpo. Ngayon hindi siya ang babaeng 'yun, at hindi ako ang Lalaking iyon, nguni't iyon ay siya pa ring Dios. Kita n'yo? Ngayon, sinabi ni Jesus, "Ang mga gawang ginagawa ko ay inyo ring gagawin," San Juan 14:12.

<sup>263</sup> Ngayon, binibini, hindi kita kilala, wala akong ideya kung bakit ka nakatayo ryan. Maaaring ito'y pampamilyang suliranin. Maaaring ito'y para sa iba pa. Marahil ikaw ay may sakit. Marahil ito'y. . . Marahil ikaw ay nakatayo ryan na nagkukunwari lamang. Kung ganoon nga, tingnan mo lang kung ano ang mangyayari. Kita mo? Marahil ginagaya mo ang isang bagay. Anuman ito, hindi ko. . . Ikaw ay maaaring isang tunay na mananampalataya. Hindi ko alam 'yan, nguni't alam ng Dios. Nguni't malalaman mo kung sinabi Niya sa iyo ang katotohanan o hindi, di ba? Kung ito'y ang katotohanan, malalaman mo ito.

<sup>264</sup> Ngayon, kita n'yo, hanggang diyan napadpad ang pananampalataya n'yo. Gusto n'yo bang lumapit rito? Ngayon kung may naniniwalang ito'y mali, pumarito kayo at kunin ang pasyenteng ito, pumarito at kunin ang iba pa sa kanila. Kung ganoon na hindi n'yo ito gagawin, kung ganoon huwag n'yo akong hatulan. Kita n'yo?

<sup>265</sup> Ngayon tumingin ka rito, kapatid, panandali lamang. Ngayon wala akong nalalamang anuman, walang kahit ano patungkol sa iyo. Ikaw ay isang babaeng nakatayo lang diyan.

<sup>266</sup> Ngayon kung ang Panginoong Jesus Cristo, ang Anak ng Dios, Na pinatotohanan ko sa pamamagitan ng Biblia, ay nangakong Siya ay magbabalik sa mga huling araw at ihahayag ang sarili Niya sa kapuspusan ng Kaniyang Espiritu.

<sup>267</sup> Katulad ng Iglesya na nabubuo; gaya ng nabubuo ito sa isang tao, tuluy-tuloy magmula sa paa, paakyat sa hita, hanggang sa ulo, at ang ulo ay ang puno ng katawan. At ang Katawan ay nabuo, magmula nang unang Iglesya, dumaang tuluy-tuloy, dito sa, sa mga repormasyon, ay nabubuo hanggang sa ngayon. Ito'y dumaan sa pag-aaring ganap, pagbabanal, bautismo ng Banal na Espiritu. Ngayon ay ang Ulo (si Cristo) ang dumarating sa Katawan, ang Katawan ni Cristo. Siya ang Siyang nakaalam. Hindi alam ng kamay ko kung paano kumilos, sa pamamagitan lang ng ulo. Subali't Siya ang Siyang nakaalam, 'yan ang dahilan na Siya ang Salita.

<sup>268</sup> Hindi ako ang Salita. Ako'y isang tao. Subali't, kita n'yo, ginagamit Niya ang katawang ito. Sapagka't, Siya ay namatay upang pabanalin ang katawang ito, para Kaniya itong magamit, at bigyan ng isang kaloob. Parang katulad lang ng pagkakalaskalas dito, pagkatapos ang Espiritu Santo na maghahari.

269 Pagkatapos, kung ilalarawan Niya o sasabihin sa iyo kung ano ang ginawa mo, ang dahilan na narito ka, o isang bagay tungkol sa iyo, paniniwalaan mo ito. At paniniwalaan din ito ng mga tagapakinig? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Nawa’y ipagkaloob ito ng Panginoong Dios.

270 Ngayon inilalagay ko ang bawa’t espiritu, na narito, sa ilalim ng aking pamamahala, para sa ikaluluwalhati ng Dios. Ngayon maupo nang tahimik. Huwag magpagala-gala.

271 Tumingin dito, panandali. “Tingnan mo ako,” katulad ng sinabi nina Pedro at Juan, pumasok sa pintuan. Sa iba pang pananalita, makinig lang nang maigi sa aking sinasabi. Kita n’yo?

Tinanong ni Jesus ang babae ng ilang mga katanungan, “Painumin mo Ako.”

272 Kita n’yo, ako’y matagal nang nangangaral, ganoon ding bagay. Isinugo ako ng Ama rito sa—sa Baton Rouge. Narito ako.

273 Sabi ng Ama kinailangan Niyang magdaan sa Samaria. Siya ay naupo roon. Isang babae ang unang lumapit sa Kaniya. Ginawa Niya ang isang tandang iyon sa babaeng ’yon, at ang buong siyudad ay nagsisi. Anong kaibhan nito . . .

274 Sa palagay ba n’yo, kung gagawin Niya ang ganoon ding bagay, sa gabing ito, sa palagay ba n’yo ang buong Baton Rouge ay magsisisi? Pinag-aalinlanganan ko ’yan, hindi ba? Talagang pinag-aalinlanganan ko. Subali’t tayo’y nasa mga huling araw, kung kailan ang kasamaan ay lalo pang masama kaysa noong mga una.

275 Ngayon ang iyong kalalagayan. Ikaw ay naparito para maipanalangin. Eksaktong tama. At ikaw ay pinahihirapan ng sakit sa lalamunan. Kung tama ’yan, itaas mo ang iyong kamay. Hindi lang ’yun, kundi may isa ka pang ipinapanalangin. Ito’y isang bata, at ang batang iyon ay may sakit sa lalamunan. At ito ang kalagayan ng lalamunan ng bata, ay may mga tumubo sa lalamunan. Sumasampalataya ka bang pagagalingin siya ng Dios, din? Iyang panyong nasa iyong kamay, na itinaas mo sa Dios, bilang patotoo. Huwag mo itong pag-alinlanganan ngayon. Humayo ka’t ilagay mo ang panyo sa bata. Huwag kang mag-alinlangan, nang buong puso mo. Kapuwa kayo pagagalingin ng Dios at gagawang maigi ang kalalagayan. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Purihin Siya! Aleluya!”—Pat.] Maaari mo bang gawin ’yan? [“Jesus! Salamat sa Iyo, Jesus!”] Kung ganoon humayo ka, at sumaiyo ang Panginoon. [“Luwalhati sa Dios! Aleluya!”]

Kumusta ka? Tayo ay mga estranghero, rin.

276 Naniniwala ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Iyan ang tanda. Ngayon ang Tinig, ay, “Manumbalik sa Salita!”

277 Hindi kita kilala; kilala ka Niya. Kung sasabihin Niya sa akin ang isang bagay tungkol sa iyo, kung ganoon paniniwalaan mo na ang Salitang 'yun na sinabi ko ay pagtitibayin? Iyon ang—iyon ang pagpapatibay Nito. Kita n'yo? Sabi ko ginawa Niya ito; 'yun ay pagpropesiya. Ngayon kung ang propesiya ay naganap, kung ganoon sabi Niya, “Dinggin mo ito.”

278 Ikaw ay may matinding nerbiyos na nagpapahirap sa iyo, pagkanerbiyos. At ikaw ay may tumor, at ang tumor ay nasa paa mo. Tama 'yan, hindi ba? [Sinababi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Ngayon sumasampalataya ka ba? [“Opo, ginoo.”] Kung ganoon humayo ka sa iyong pupuntahan, at manampalataya. At, kung paano kang nanampalataya, ganoon ang mangyayari sa iyo.

279 Kumusta ka? Hindi kita kilala, nguni't kilala ka ng Dios. Naniniwala ka bang magagawang sabihin sa akin ng Dios ang iyong mga suliranin? Tingnan mo ako. May mga suliranin ka. Subali't ikaw ay talagang nakatayo rito para sa iba, at 'yun ay isang lumaking kasama mo. Ito'y isang kapatid na babae. Tama 'yan. Ngayon naniniwala ka bang kayang sabihin sa akin ng Dios kung ano ang sakit ng kapatid mong iyon? Tatanggapin mo ba ito? Siya ay may sakit sa puso. Tama 'yan. Naniniwala ka bang siya'y pagagalangin ngayon? Kung ganoon, ayon sa iyong pananampalataya, mangyari sa iyo.

280 Halika, binibini. Kumusta ka? Kung magagawang sabihin ng Dios kung anong problema mo, o ano ang ginawa mo, o isang bagay, paniniwalain ka ba nito? Alam mong ako'y... Aking—aking—hindi kita kilala. Iyon ang Kaniyang katangian na ipinakikilala ang Sarili Nito sa akin, ayon sa Salita na Kaniyang ipinangako. [Sinababi ng kapatid na babae, “Paniniwalaan ko lamang ito.”—Pat.] Sinasampalatayanan mo ba iyon? [“Opo. Amen.”]

281 Ikaw ay isa pa, ikaw ay may mga sakit na nagkakaroon ang isang babae sa edad mo, nguni't ang pinakainisip mo ay patungkol sa iba pa. Ang ninanasa mo sa Dios; ikaw ay naghahanap sa Dios hindi para sa sarili mo, kundi para sa iba, 'yun ay isang lalaki. Ito'y ang iyong asawa. At siya ay may sakit sa puso. Sumasampalataya ka ba na Kaniyang... Pagagalangin siya ng Dios? Humayo ka, sampalatayanan mo ito. At, kung paanong ikaw ay sumampalataya, ganoon ito mangyayari sa iyo.

282 Ngayon, kita n'yo, lahat nung pangangaral, sa oras na 'yan na ipinangangaral ko. Ito, anupaman ito, tatlo o apat na tao na ang dumaan, ngayon halos di na ako makatayo rito. Kita n'yo? Kita n'yo, sadyang ang lahat ng mga tao ay mukhang animo'y gatas, sa palibot dito. Kita n'yo? Sabi ni Jesus, “May umalis na lakas sa Akin.” At kung ang isang babae, sa paghipo ng damit Niya, ay nakapaglabas ng lakas mula sa Kaniya, at Siya ang



Anak ng Dios; paano pa kaya ako, isang makasalanang iniligtas sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya?

<sup>283</sup> Sabi Niya, “Ang mga bagay na Aking ginagawa ay gagawin n’yo rin naman. Mas *marami* pa rito ang inyong gagawin.” Alam kong sinasabi ng King James, “lalong dakila.” Nguni’t kung hahanguin n’yo sa orihinal na salin, sabi, “Mas *marami* pa rito ang inyong gagawin.” Walang makagagawa ng lalong dakila. Kaniyang binuhay ang patay, at pinahinto Niya ang kalikasan, at ginawa ang lahat ng bagay. Nguni’t sinabi Niya, “Mas *marami* pa rito ang inyong gagawin, pagkat ako’y paroroon sa Ama.”

<sup>284</sup> “Ang sanlibutan ay hindi Ako makikita; nguni’t inyong makikita Ako, sapagka’t Ako. . .” Tingnan, “Ako,” ang Ako—ang Ako ay isang panghalip panao. “Aking sasamahan kayo, sasa inyo.” Kung ganoon, ito’y hindi’yung tao. Ito’y ang Cristo.

<sup>285</sup> Sinasabi ko ’yan, para alugin ang sarili ko nang kaunti, para bang ipanumbalik ang sarili ko. Ikaw ay napupunta sa isang kalalagayan hanggang sa pagkatapos. . . Hindi ito habang ika’y nasa taas doon, o nasa baba rito; ito’y nasa gitna. Ilan ang nakauunawa riyang? Alam kong inyong—inyong iniisip na nauunawaan n’yo. Ako, rin.

<sup>286</sup> Alam ba n’yo na ang mga makata at mga propeta ay laging mga nerbiyoso? Ilan ang nakaaalam niyan?

<sup>287</sup> Ilan na ang nakabasa kay William Cowper, ang tanyag na makatang Ingles? Alam n’yo, sumulat ng, “May isang bukal na puno ng Dugo, hinugot mula sa mga ugat ni Immanuel.” Pagkatapos niyang isulat ang awiting iyon, narinig ba n’yo kung ano ang nangyari sa kaniya? Ako’y nakatayo sa kaniyang libingan hindi pa kalaunan. Tinangka niyang magpakamatay, at nalunod sa ilog.

<sup>288</sup> Ilan na ang nakarinig tungkol kay Stephen Foster, nagbigay sa Amerika ng pinakamagagandang katutubong mga awit? Nasa isipan niya ito nguni’t hindi sa puso. Sa tuwing dinadapuan siya ng inspirasyon, siya ay nagsusulat ng awit. Pagkatapos kapag umalis ang inspirasyon sa kaniya, hindi niya alam kung ano ang kaniyang gagawin sa kaniyang sarili, at siya’y naliligaw. Siya—siya—siya ay isang lasenggo. At sa wakas nang nagpasimulang mawala ang inspirasyong ’yun, tinawag niya ang isang tagapaglingkod, at kumuha ng isang labaha’t nagpakamatay. Tama ’yan.

<sup>289</sup> Tingnan si Elias, ang propeta. Siya ay umakyat doon at tumawag ng apoy mula sa langit; tumawag ng ulan mula sa langit sa unang araw; at isinara ang kalangitan at ginawa ang lahat ng iyon. Pagkatapos nang umalis ang inspirasyon sa kaniya, nagtungo siya sa ilang at ginustong mamatay. At natagpuan siya ng Dios, pagkaraan ng apatnapung araw, bumalik sa yungib. Tama ba?

290 Tingnan si Jonas, ang propeta. Matapos na maiparating ang mensahe niya, siya ay umakyat at naupo sa burol, humiling sa Dios na hayaan siyang mamatay. Uh-huh. “Hayaan ang iyong lingkod na pumanaw nang payapa.”

291 Hindi ito nauunawaan ng mga tao. Hindi, hindi, hindi n’yo mauunawaan. Maging ako man ay hindi kayang ipaliwanag ito, ni ng ibang tao. Hindi mo maaaring ipaliwanag ang Dios. Ang Dios ay hindi nakikilala sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik. Ang Dios ay nakikilala sa pamamagitan ng pananampalataya. Atin Siyang sinasampalatayan. Paano mo maipaliliwanag? Paanong ito’y magiging pananampalataya, pa? Nakikilala natin ang Dios sa pamamagitan ng pananampalataya.

292 Hindi kailanman malalaman ng iglesya ang pagpapagal at ang pagkapagod, at ang pagpapakahirap at pagsubok, na nagsikap na dalhin Ito, ang Mensahe. Alam Niya. Ang gantimpala ko ay hindi nagmumula sa mga tao.

293 Tumingin ka rito, binibini. Oo, madali. Ang babaeng ’yun ay nalililiman sa kamatayan. Kung ang Dios ay hindi dumating sa babae kaagad, nakikita ko. . . Hindi ba n’yo nakikita ang kadiliman na umaaligid sa palibot niya? Siya’y mamamatay, sintiyak ng sanlibutan. Sa dakong ito hindi pa kalaunan, kinunan nila ng larawan ang isang tulad niyan, at naroon sa bahay namin. Siya ay may madilim na anino na umaaligid malapit sa kaniya. Siya ay nalililiman sa kamatayan.

294 Ang munting binibini ay naoperahan. At sa operasyong ito, inopera nila ang kanser. At ngayon siya ay nahihirapan, lahat ng uri ng—ng, buweno, mga komplikasyon lang. Isang bagay, napakahina mo na hindi ka makatayo. Isa pang bagay, na mula sa pantog ay may lumalabas na nana. Ngayon, para lang makita n’yo na hindi lang ako nagsasalita ng isang bagay. Kita n’yo? Iyan ay tama. Nguni’t, binibini, sinikap ng doktor. Kinikilala ko siya para roon. Pero, siya ay isang lunas, nguni’t ang Dios ang pampagaling. Mamamatay kang tulad niyan. Ginawa na niyang lahat ang kaya niyang gawin. Sumasampalataya ka ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Pumarito ka, sandali.

295 Sa pamamagitan ng utos na ipinagkaloob sa akin ng Dios na Makapangyarihan sa lahat, na pinatotohanan sa akin sa pamamagitan ng isang Anghel, na naririto ngayon sa anyong Haliging Apoy, sinasaway ko itong diablo na kumukuha sa buhay ng babaeng ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Humayo ka, manampalataya ka ngayon. Taglay ang lahat nang nasa iyo, manampalataya ka.

296 Ikaw ay may sakit na pumapatay sa mas maraming tao ng higit sa anupamang iba, sakit sa puso. Sinasabi nila na ’yan ang pangunahing sakit, subali’t hindi ito, ginoo. Ang kasalanan

ang pangunahing sakit sa pagsampalataya. Sumasampalataya ka bang kaya Niyang pagalingin ang pusong iyan at pagalingin ka? [Sinabi ng kapatid na lalaki, “Alam kong magagawa Niya.”—Pat.] Kung ganoon humayo ka, sampalatayanan ito. Pagpalain ka ng Dios.

<sup>297</sup> Sa palagay mo mapagagaling ng Dios ang likod mo at pagagalingin ka? Sinasampalatayanan mo ba nang buong puso mo? Humayo ka, sampalatayanan ito, kapatid. Masdan ang mangyayari sa iyo, ikaw ay gagaling.

<sup>298</sup> Arthritis at sakit sa puso. Subali't sinasampalatayanan mo na mapagagaling ka ng Dios? [Sinabi ng kapatid na babae, “Sumasampalataya ako.”—Pat.] Nang buong puso mo? [“Opo, ginoo.”] Tatanggapin mo ito? [“Opo, ginoo.”] Ayon sa pananampalataya mo, ganoon ang mangyayari sa iyo. Ngayon humayo ka, sampalatayanan mo ito nang buong puso mo, at pagagalingin ka ng Dios.

<sup>299</sup> Meron ka ring sakit sa likod. Sumasampalataya ka ba na si Jesus Cristo ay kaya kang pagalingin? [Sinabi ng kapatid na babae, “Opo, ginoo.”—Pat.] Humayo ka ngayon, sampalatayanan mo ito nang buong puso mo. Hindi kita kayang pagalingin, kita mo.

<sup>300</sup> Prostrate, nerbiyos, at meron ka ring arthritis. Sumasampalataya ka ba na kaya ng Dios na paigihin ang 'yong pakiramdam, pagalingin ka? Tinatangap mo ba ito? Humayo ka, at sampalatayanan ito, kung ganoon.

<sup>301</sup> Pinapanatili kang gising kadalasan, pag-ubo. Nguni't pinagagaling ng Dios ang asthma. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? [Sinabi ng kapatid na lalaki, “Opo, ginoo.”—Pat.] Sumasampalataya ka bang pinagagaling ka Niya ngayon? [“Opo, ginoo.”] Pagpalain ka ng Dios. Salamat sa iyo, sa iyong pananampalataya.

<sup>302</sup> Paano kung hindi man lang ako magsabi ng isang salita sa iyo, ipinatong lang ang mga kamay ko sa iyo, maniniwala ka ba? [Sabi ng kapatid na lalaki, “Opo.”—Pat.] Halika rito. Aking ipinapatong ang kamay ko sa iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at nawa ang arthritis ay umalis sa iyo. Ito'y umaalis.

<sup>303</sup> Halika. Halika, kapatid. Sumasampalataya ka ba? [Sinabi ng kapatid na babae, “Opo, ginoo. Ako'y pinagaling na ng Panginoon noon.”—Pat.] Buweno, 'yan ay kamangha-mangha. [“Aleluya!”] Kung ganoon humayo ka't kainin ang iyong hapunan kung ganoon, at ang tiyan mo ay magiging maayos. [“Aleluya! Aleluya! Aleluya!”]

<sup>304</sup> Maraming sakit sa likod, ginagambala ka nito nang matagal nang panahon. Humayo ka, sumasampalatayang ika'y... Humayo ka, sumasampalatayang ika'y magiging mabuti, at gagawin ito ng Dios para sa iyo. [Sinabi ng kapatid na lalaki,

“Ginawa ng Dios. Amen.”—Pat.] Amen. Ganiyan nga. [“Purihin ang Panginoon.”] Pagpalain ka ng Panginoon, kapatid. Amen.

<sup>305</sup> Walang anuman ang diabetes, para pagalingin ng Dios. Kaya Niyang pagalingin ang mga ito. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Sinasampalatayanan ko.”—Pat.] Mabuti. Tanggapin mo ito, at humayong sumasampalataya sa Kaniya ngayon nang buong puso mo.

<sup>306</sup> Meron ka rin nito sa iyong dugo. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Dios? Humayo ka, sampalatayanan ito nang buong puso, at gumaling.

<sup>307</sup> Sumasampalataya ka ba na Kaniya kang pinagaling kanina nang tumama 'yan sa iyo? Pinagaling ka Niya.

<sup>308</sup> Sakit ng babae. Sakit sa puso. Sinasampalatayanan mo ito? [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Sinasampalatayanan ko ito.”—Pat.] Humayo ka, maging—maging magaling ka sa Pangalan ni Jesus.

<sup>309</sup> Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Dios ang iyong likod, ang mga bato mo ay magiging... Pagpalain ka! Magpatuloy ka lang.

Hindi ako nagpapagaling. Hindi ko kayang magpagaling. Hindi ako isang manggagamot.

<sup>310</sup> Ano'ng inisip mo noong Kaniyang sinabi ang tungkol sa likod niya, sinasampalatayanan mo bang ang sa iyo ay gumaling, din? O sige, magpatuloy ka lang, na sinasampalatayanan ito, kung ganoon... Magpatuloy lamang na sumasampalataya rito, nang buong puso mo.

<sup>311</sup> Ang sa iyo rin, sumasampalataya ka ba na pinagaling ka ng Dios? Humayo ka, sampalatayanan mo ito, nang buong puso mo. Ipagkakaloob ng Dios ito kung iyong... Kailangan mong sampalatayanan ito, ganoon pa man.

<sup>312</sup> Sumasampalataya ka bang pagagalingin ka ng Dios, din? [Sinasiabi ng kapatid na babae, “Purihin ang Panginoon! Tiyak na tiyak ko.”—Pat.] O sige. Pagpalain ka ng Dios. Basta magpatuloy ka lang at manampalataya nang buong puso mo.

<sup>313</sup> Halika, ginoo. Isang puting patak na pumapatak. Sa pagsusuri niyan ay makikitang diabetes. [Sinasiabi ng kapatid na lalaki, “Diabetes.”—Pat.] Naniniwala ka bang pagagalingin ka Niya? Magtungo tayo sa Kalbaryo para sa isang pagsasalin ng dugo ngayon. Sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Pangalan ni Jesus Cristo, siya nawa ay pagalingin. Amen. Pagpalain ka ng Dios, kapatid. Sampalatayanan mo nang buong puso mo. Sinasampalatayanan mo ba? [“Totoong-totoo.”]

<sup>314</sup> Paano naman ang ilan sa inyo na mga nagsidalong ngayon? Sumasampalataya ba kayo nang inyong buong puso, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?

Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>315</sup> Paano naman dito sa gawing *ito*? Ang munting binibining nakaupo, nakatingin nang direktso sa akin doon, pinahihirapan ng sakit na pambabae, nananampalataya ka bang pagagalingin ka ng Dios? Nakasuot lang ng munting asul na suot-pangginaw. Buweno. Manampalataya ka ngayon, pinagaling ka ni Jesus Cristo. Ganoon lang 'yun kadali.

<sup>316</sup> 'Yung binibining nakaupo sa may likod mo, itim ang buhok. Sabi niya, "Salamat sa Iyo, Panginoon." May Isang tumama sa kaniya. Hindi niya alam kung ano Ito. Ang sakit sa pantog ay iniwan ka, nakaupo roon, mismo sa likod ng binibining pinagaling kanina lang. Kung sinasampalatayanan mo nang buong puso mo riyan, binibini. Sinasampalatayanan mo? O sige, itaas mo ang iyong kamay kung gusto mong tanggapin ito. Pinagaling ka ng Dios.

Paano naman itong baba rito, may isang *narito*?

<sup>317</sup> Banda riyan sa mga tagapakinig, ngayon talagang may paggalang. Huwag kikilos. Kita n'yo, ang mga sakit na ito ay magpapalipat-lipat.

<sup>318</sup> Ikaw naman, ginoo? Itong matandang lalaking nakaupo rito sa upuang ito? Sumasampalataya ka ba? Sumasampalataya ka bang kaya kang pagalingin ng Dios? Arthritis, at meron kang bronchitis. Ikaw ba ay sumasampalatayang pagagalingin 'yan ng Dios? Sumasampalataya ka? O sige, mapapasa iyo ang hiniling mo. "Kung kaya mong manampalataya!"

<sup>319</sup> Ano sa palagay mo, binibini, nakaupo kasunod niya? Sumasampalataya ka, rin? Sumasampalataya ka ba? Naniniwala ka bang kayang sabihin sa akin ng Dios kung ano ang sakit mo? Ikaw ay malayung-malayo sa akin. Sampalatayanan lamang Siya ngayon. Naniniwala ka bang sinabi ko sa iyo ang Katotohanan? Kung ganoon ang mataas na presyon mo sa dugo ay bababa. Sinasampalatayanan mo ito?

<sup>320</sup> Ikaw ay nagtaas ng iyong kamay, rin. Iyong sinisikap na palakasin ang loob niya. Naniniwala ka bang kayang sabihin sa akin ng Dios kung anong. . . Ikaw ay naging napakabait para tulungan siya, ngayon ang Dios ay magiging mabait para tulungan ka. Meron kang espirituwal na problema na gumagambala sa iyo. Kung tama 'yan, iwagayway mo ang iyong kamay gaya *nito*. Ito'y matatapos na ngayon. Kaniyang isinaayos ito.

<sup>321</sup> Ilan ang nananampalataya? Ilan sa inyo ang ta- . . . na hindi isang Cristiano, na—na nakadarama na si Jesus Cristo ay narito, na nais tumayo ngayon, magsabi, "Jesus, gusto kong kilalanin ang sarili ko bilang isang makasalanan, maaari Mo po ba akong patawarin sa aking mga kasalanan?" Magsitindig sa inyong mga paa. Pagpalain ka ng Dios, ginoo. Pagpalain ka ng Dios.

Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. 'Yan ay . . . Pagpalain ka ng Dios, ikaw, ikaw, ikaw. Ito, nakikita ka Niya. Kaniyang isinulat ang iyong pangalan kapag ginawa mo 'yan.

<sup>322</sup> Banda rito sa balkonahe, tumayo, sabihin, "Panginoong Jesus, nais ko, nais kong makilala. Nais ko ng kahabagan para sa aking kaluluwa." Pagpalain ka ng Dios, ginoo. "Nais ko ng habag, Panginoong Jesus."

<sup>323</sup> Hindi mo ba makita, kaibigan, Siya 'yung narito? Pagpalain ka ng Dios, kabataang lalaki. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios, kabataang babae. 'Yan ang pinakadakilang bagay na ginawa mo kailanman. Ngayon sino pa mang ibang hindi pa ito nagagawa, tumayo ka, sabihin, "Gusto kong makilala, Panginoong Jesus. Aking ipinakikilala ang sarili ko, sa gabing ito."

<sup>324</sup> "Siyang nagpapahayag ng kaniyang kasalanan, ay magtatamo ng kaawaan. Siyang nagtatakip ng kaniyang kasalanan, ay hindi ginhawa."

<sup>325</sup> Gagawin ba n'yo, sa Kaniyang Presensiya? Pagpalain ka ng Dios, binibini. Gusto kong . . . Pagpalain ka ng Dios. Oo. At pagpalain ka ng Panginoon. Pagpalain ka ng Dios, ginoo. Pagpalain ka ng Dios, binibini. Pagpalain ka ng Panginoon.

<sup>326</sup> Sasabihin mo, "May kabuluhan ba 'yan?" Sa pagitan ng kamatayan at buhay, ganoon ang pagkakaiba.

<sup>327</sup> Nakikilala n'yo ba ang Kaniyang Presensiya rito? Nakikilala ba n'yo 'yan? Nararamdaman n'yo ba 'yan? Kita n'yo, nakikita n'yo Ito, nakikita n'yo Itong gumagawa. Iyon Siya. Tugmang-tugma sa kung ano ang Kaniyang sinabing gagawin Niya. Sinasampalatayanan ba n'yo ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

<sup>328</sup> May iba pang magsasabi, "Gusto kong kilalanin ang sarili ko bilang isang makasalanan, Panginoon. Patawarin Mo po ako sa aking mga kasalanan ngayon." Kung nakatayo na kayo, itaas lang ang kamay n'yo. Ilan sa inyong nasa palibot ng gusali, itaas . . . Pagpalain kayo ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. May isa pang magsasabi, sa itaas sa balkonahe sa hulihan, magsasabi, "Gusto kong kilalanin ang aking sarili, Panginoong Jesus. Ako'y humihingi ng habag, sa gabing ito, sa Iyong Banal na Presensiya, nananampalatayang, ang mismong Dios na hahatol sa akin, ang Kaniyang Presensiya ay narito ngayon. Alam Niya na Siya ay nangungusap sa aking puso at sinasabi sa aking ako'y mali. Gusto kong tumayo at sabihing ako'y mali. Ipinahahayag ko ang aking pagkakamali. Iyo akong hinahatulan, sa puso ko." 'Yan ang dahilan na inihinto ko ang hanay ng pananalangin. Pagpalain ka ng Panginoon. Pagpalain ka ng Panginoon.

<sup>329</sup> Ano ang naisip n'yong dahilan na inihinto ko 'yon? Inihinto ko ito dahil alam kong kailangang mangyari ang ganoon.

<sup>330</sup> Ngayon, may ibang narito, maaari ba kayong tumayo? Tumayo at magsabing may Isang nangungusap sa inyong puso, kayo'y mali. Pagpalain ka ng Dios, ginoo. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. "Ako'y mali. Patawarin Mo ako, Panginoon. Kinikilala ko ang aking sarili. Ako'y tumatayo, Panginoon, sa Iyong Presensiya. Alam kong narito Ka. Ako. . .Ikaw ay tiyak na narito. Sinabi Mo na ito ang—ang bagay na Iyong gagawin. Ngayon ako'y magiging. . . Nakikita ko ang tanda, at alam kong ito'y ipinaliwanag sa akin na 'yan nga ang tanda sa araw na ito. Naririnig ko ang Tinig na tumatawag sa pagsisisi. Narito ako, Panginoon. Naniniwala ako sa tanda. Naririnig ko ang Tinig."

<sup>331</sup> Ang Tinig ay nangungusap sa inyo ngayon! Magbalik, O mga nangalat! Magbalik, O bituwing gala! Magbalik, O kayong pinalayas! Magbalik, sa gabing ito!

<sup>332</sup> Maaari bang magsibalik kayo? Tumayo lamang at sabihin, "Kinikilala ko ang sarili ko na isang makasalanan, humihingi ng habag." Maaari ba n'yo itong gawin, may iba pa? Pagpalain ka ng Dios, binibini. Pagpalain ka ng Dios, sa itaas diyan, anak na lalaki. Kung malampasan ko kayo, Siya'y hindi. Pagpalain ka ng Dios, binibini. 'Yan ay napakainam. 'Yan ay napakainam. May iba pa ba? Magpatuloy lamang. . . Gusto kong magtagal pa ng ilang minuto, dahil sa nakadarama pa rin ako ng kaunting kabigatan dito, kita n'yo. May iba pa ba? Pagpalain ka ng Dios, binibini. Ganiyan nga ito ginagawa. Ganiyan nga. May iba pa ba, "Gusto kong kilalanin ang sarili ko, sadyang itayo ang sarili ko at sabihin na ako'y mali. Ako'y humihingi ng habag"? Maaari ba n'yong gawin ito? Kaagad-agad bago tayong magpatuloy, tumayo at magsabi, "Gusto kong kilalanin ang sarili ko, Panginoong Jesus." Pagpalain ka ng Dios, kabataang babae.

<sup>333</sup> Alam n'yo, marahil bago kayo umuwi, nguni't isang pagkakataon o iba pa ay magkakaroon ng malamig na ulap sa iyong mukha. Marahil isang araw darating ang doktor at pakikiramdaman ang pulso mo sa may manggas mo, wala nang iba pang magagawa. Pagkatapos mararamdaman mo ang malamig na daluyong ng kamatayan na palutang-lutang sa iyong mukha. Maaalala mo ang ginawa mo.

<sup>334</sup> Tandaan, hindi ka nila maaaring ibaon nang kasinlalim, wala silang magagawang anuman sa iyo. Ipinangako ng Dios, "Ibabangon Kitang muli, sa huling araw." Masdan. "Ang dumirinig sa Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang-hanggan at hindi na mapapasok sa Paghatol, kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay." Burahin n'yo Iyan kung kaya n'yo. Sinabi ni Jesus Cristo Iyan. "Ang sumasampalataya, iyon ay, nakakaunawa sa Aking Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nasugo sa Akin, ay may Buhay na Walang-hanggan, ay hindi na kailanman mapapasok sa Paghatol, pagsumpa, kundi

lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay.” Sapagka’t, siya ay sumampalataya sa bugtong na Anak ng Dios, na binuhay ng Dios, dalawang libong taon na ang nakaraan, at buhay nga ngayon rito, sa gabing ito, ipinapakita ang Kaniyang katangian ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli.

<sup>335</sup> May iba pa bang tatayo, pagkatapos niyan, may ibang magsasabi, “Nais ko Itong tanggapin. Nais ko Siyang tanggapin.” Pagpalain ka ng Dios. Pagpalain ka ng Dios. Iyan ay napakainam, munting binibini. Iyan ay magiting na bagay. Gusto kong pansinin ninyo.

<sup>336</sup> Napagmasdan ko ang isang pagtawag sa altar, dito ilang panahon na ang nagdaan, ang mga tao ay lumalapit, ngumunguya ng chewing gum, nagsusuntukan sa isa’t isa sa tagiliran.

<sup>337</sup> Nguni’t napansin ba n’yo ang katapatan sa mukha nilang mga tao? Silang mga kabataang babae, maging matapos na sinaway sila sa kanilang maiksing buhok, pagmemeyk-ap; na nakameyk-ap, at maiksing buhok, ay tumayo pa rin kaagad, “Ako’y isang makasalanan. Mahabag Ka sa akin, Dios.” ‘Yan ang Mga Binhing nakahimlay riyan. Ang liwanag ay sumilay rito, at alam nila ito. Pagpalain kayo ng Dios.

Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon.

<sup>338</sup> Gusto kong bawa’t mananampalataya rito, na nakatayo malapit sa tao na tumindig, ipatong n’yo ang inyong kamay sa taong ‘yon, (maaari ba?), ‘yung tumayo. Sila’y nakatayo sa tabi ninyo. Kung kayo’y isang Cristiano, ipatong ang inyong kamay, sa kapatid na babae, kapatid na lalaki, “Ang kamay ko ay nakapatong sa iyo ngayon. Ako’y mananalangin.”

<sup>339</sup> Makalangit na Ama, mayroong narito ngayong gabi na—na sumasampalataya sa Iyo. “Ang ilang binhi ay nahuhulog sa tabi ng daan,” sinabi Mo, “ang mga ibon ay dumarating at kinakain ito. Ang iba’y nahuhulog sa mga batuhan, at mga tinik at mga dawagan. Nguni’t ang ilan ay nahuhulog sa mabuti, matabang lupa.” At ang Iyong Presensiya na narito, sa gabing ito, ay humikayat sa maraming narito ngayong gabi na Ikaw ang Anak ng Dios, na Ikaw ay buhay magpakailanpaman. At Iyong ipinangako, dahil Ikaw ay nabubuhay, kami rin naman ay mabubuhay.

<sup>340</sup> Panginoong Jesus, sila’y tumayo at tumindig bilang patotoo na sumasampalataya sila sa Iyo. Ngayon, Panginoon, alam kong Ika’y mamamagitan para sa kanila sa Araw na iyon. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon. Itinatagubilin ko sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nawa sila’y magtungo sa isang mainam na iglesya at magpabautismo sa Cristianong bautismo. Nawa sila’y mapabilang kasama ng ilang mabuting grupo ng mga mananampalataya. Nawa sila’y mangapuspos ng Banal na Espiritu. Nawa sila’y maging mga tropeyo ng Ebanghelyo, mga



hiyas sa Iyong putong sa Araw na iyon. At kung hindi ko na sila makita pang muli sa bahaging ito ng dakilang Araw na iyon, nawa makita ko sila sa Araw na iyon gaya sa pangitain, nagsasabi, “Hindi mo ba ako natatandaan? Doon sa Baton Rouge, nang gabing iyon, na ako’y tumayo.” Ipagkaloob Mo ito, Ama. Sila’y sa Iyo, sa Pangalan ni Cristo.

<sup>341</sup> Narito, nakalagay sa harapan ko, isang kahon ng mga panyo, maliliit na sapatos, mga bota, mga panyo, at mga tela, at mga panapi. Kami’y tinuruan, sa Biblia, na kinuha nila mula sa katawan ni San Pablo, mga panyo at mga panapi, nagsilabas ang mga karumal-dumal na espiritu sa mga tao. Ngayon, Ama, alam naming kami’y hindi si San Pablo, nguni’t Ikaw ang siya pa ring Dios, kaya dalangin kong ipagkaloob Mo ang ganoon ding mga resulta, katulad ng katapatan ng henerasyong ito na nananampalataya. Hindi nila pinaniwalaan si Pablo dahil sa siya ay si Pablo; pinaniwalaan nila si Pablo dahil ipinakilala Mo ang Iyong Sarili kay Pablo. Ngayon pinaniniwalaan nila ang ganoon ding bagay sa gabing ito, Panginoon, na Ikaw ay ipinakilala sa gitna namin, ngayong gabi. At isang araw, sasabihin namin ang . . .

<sup>342</sup> Isang manunulat ang nagsabi sa amin, na, “Ang Israel ay nasa daan nito patungo sa lupang pangako, at humadlang sa daan nila ang Pulang Dagat, para hadlangan sila sa lupang pangako.” Sinabi ng manunulat, na, “Ang Dios ay dumungaw sa Haliging Apoy na iyon, na may galit na mga mata, nang kumilos Ito sa Israel. Nagdulot Ito ng pagkabulag, kadiliman sa di-mananampalataya, at liwanag sa Israel. At nang ang Pulang Dagat na iyon ay humadlang, natakot ito, at ito’y umurong, at tumawid ang Israel sa lupang pangako sa tuyong lupa.”

<sup>343</sup> Panginoong Dios, tumingin Ka sa gabing ito, sa Dugo ni Jesus Cristo, ang Iyong Anak. Sa pagpatong ko ng mga kamay ko sa mga panyong ito; kapag sila’y ipinatong sa maysakit, nawa ang Espiritu Santo, Panginoon, ay tumingin sa taong iyon, at nawa ang sakit ay umalis mula rito, at nawa sila’y tumawid sa lupaing iyon ng mabuting kalusugan at kalakasan. Na, sinabi ng Biblia, “Higit kaysa lahat ng mga bagay,” na hinahangad nila na kami’y “bumuti sa katawan.” Ipagkaloob Mo ito, Panginoon. Isinusugo ko ang mga ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

. . . me I will follow,  
Where He leads . . . (basta tayo’y umawit  
lang) . . . will follow,

I’ll go with Him, (ngayon ang Kaniyang  
Presensiya ay narito, tayo’y manambahan  
lamang sa Kaniya sa awitin, nang kalugod-  
lugod), all the way.

<sup>344</sup> Maaawit n’yo ba talaga itong gaya nito?

Where He leads me I will follow,  
 Where He leads me I will follow,  
 Where He leads me I will follow,  
 I'll go with Him, (kung inyo ngang gagawin,  
 ngayon itaas ang kamay n'yo), with Him all  
 the way.

Tayo'y tumayo ngayon, itaas ang mga kamay n'yo muli.

. . . Him through the garden,

<sup>345</sup> Lahat ay umawit sa Espiritu ngayon. Totoong nakakaantig na Mensahe. Sambahin natin Siya sa Kaniyang Presensiya. Gustung-gusto Niya na sinasamba.

. . . the garden,

I'll go with Him through the garden,

I'll go with Him, with Him all the way.

<sup>346</sup> Ngayon ihiging natin ito. "I can. . ." Ngayon habang ginagawa ninyo 'yan, gusto kong makipagkamay kayo sa iba, sabihin, "Pagpalain ka ng Dios, manlalakbay. Pagpalain ka ng Dios, manlalakbay," gaya niyan. Tayo'y nakikiisa sa isa't isa. Methodist, at Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, lahat ay makipagkamay sa isa't isa. "Pagpalain ka ng Dios, manlalakbay." Ganoon tayo: mga manlalakbay. ". . . the garden."

<sup>347</sup> Pagpalain ka ng Dios, manlalakbay. Pagpalain ka ng Dios. [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay patuloy na nakikipagkamay. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] ". . . garden." Ngayon itaas natin ang ating mga kamay.

I'll go with Him, with Him all the way.

<sup>348</sup> Iyukod natin ang ating mga ulo, nang nagpapakumbaba, sa panalangin. Huwag kalilimutan, sa umaga, Sunday school.

<sup>349</sup> Paano't paano man, sadyang nararamdaman ko ang Presensiya ng Dios na talagang tunay sa puso ko. Sadyang napakahirap para sa akin ang umalis, sa gabing ito, kahit paano. Nadarama kong ang Espiritu Santo ay nalulugod, ngayong gabi. Tayo'y magkakaroon marahil ng napakagandang pagtitipon bukas, nakikitang ang mga tao ay lumalapit kay Cristo, kita n'yo. May nag-iisip kung bakit hindi ako tumawag sa altar. Hinihintay ko hanggang sa ako'y mapangunahan na gawin ito. Kita n'yo?

<sup>350</sup> Ako'y umaasang bawa't isang nagtaas ng kanilang kamay, o tumayo, ako'y umaasang kayo'y pupunta sa isang mainam na simbahan bukas, makisama sa gitna ng mga mananampalataya.

<sup>351</sup> Habang nakayukod ang ating mga ulo, hihilingin ko sa pastor dito na lumapit, kung maaari, para sa pagsasara. Pagpalain kayo ng Dios ngayon, na ang ating mga ulo at mga puso ay nakayukod sa harap ng Dios.



*ANG TINIG NG TANDA* TAG64-0321E

(The Voice Of The Sign)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Marso 21, 1964, sa Denham Springs High School sa Denham Springs, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2009 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)